

~Gabay sa Pamumuhay para sa mga dayuhan~

**Kaalaman para sa Pamumuhay sa Osaka**

**(Filipino Edisyon)**



**Pagbibigay ng Impormasyon Pandaigdig sa Osaka**



**Binago noong Marso 2024**

# Kaalalang Esensyal sa Pamumuhay sa Osaka

## Table of Contents

### Talatuntunan Ayon sa Layunin

#### I . Pagtugon sa Emerhensiya . . . 1

##### 1. Listahan ng mga Telepono para sa Emerhensiya

##### 2. Sa Isang Emerhensiya (Sunog, Biglaang Pagkakasakit, Krimen)

Sunog, Biglaang Pagkakasakit at Kapinsalaan, atbp., Kapag Naging Biktima ng Krimen, Paghingi ng tulong sa pamamagitan ng telepono, Mga Parte ng Katawan

##### 3. Paghahanda sa Kalamidad

Bagyo, Lindol , Mga maaaring pagkunan ng impormasyon tungkol sa kalamidad , Evacuation Area o *hinanjo*, Listahan ng mga bagay na dadalhin sa emerhensiya

#### II .Kalusugan at Pagpapagamot . . . 8

##### 1. Pagpapagamot (Paggamit ng Medikal Institusyon)

Pagpapagamot sa Bansang Hapon, Medikal Institusyon, Pagpapaospital, Mga Ospital na Nakakaintindi ng Wikang Banyaga, Kapinsalaan o Karamdaman sa Gabi o sa Araw na walang Pasok, Gamot

##### 2. Medikal Insyurans (National Health Insurance, Nursing Care, etc.)

Medikal Insyurans sa Bansang Hapon, National Health Insurance, Serbisyong Medikal sa mga Matatanda (Medical Service System for the Elderly People with Longevity), Nursing Care Insurance

##### 3. Pangangalaga sa Kalusugan

Pampublikong Health Center, Health Center ng Munisipyo

#### III .Pamumuhay at Tirahan . . . 16

##### 1. Paghahanap ng Tirahan

Pag-aaplay sa Pampublikong Tirahan sa Osaka, Ibang Pampublikong Pabahay, Paghahanap ng Pribadong Tirahan

##### 2. Paglipat ng Tirahan at Pag-alis sa Bansang Hapon

Mga Kailangang Gawin Bago Umalis sa Inuupahang Tirahan, Pagkatapos Makalipat sa Bagong Tirahan, Pag-alis sa Bansang Hapon

##### 3. Tubig o Water Supply

Pagpapakabit ng Tubig, Bayad sa Tubig, Dapat Tandaan sa Taglamig

##### 4. Kuryente o Elektrisidad

Elektrisidad sa Bansang Hapon, Pagpapakabit ng Kuryente, Pagbabayad, Notisya na nagsasaad ng ginamit na kuryente

##### 5. Gas

Mga Uri ng Gas, Tagas o Singaw ng Gas, Notisya na Nagsasaad ng Dami ng Ginamit na Gas at Resibo

## 6. Basura

Pagtatapon ng Basura , Pagtatapon ng Iba pang Uri ng Basura

## 7. Pang-araw-araw na Pamumuhay

Magandang Pag-uugali sa Pamumuhay, Pamimili

## 8. Kapag may Problema sa Pamumuhay

# IV . Sistema ng Pamamahala ng Paninirahan, Sistema ng Reistrasyon bilang dayuhan Residente, Kasal at Diborsiyo • • • 27

### 1. Resident Card

Pagbigay ang Resident Card, Proseso sa Munisipyo, Proseso sa Lokal na Imigrasyon, Rehistro ng mga Dayuhang Mamamayan, Sistema ng My Number

### 2. Proseso sa Pagtira sa Bansang Hapon

Re-entry Permit (Kung pansamantalang lalabas ng bansang Hapon), Ekstensyon ng Visa, Pagbabago ng Status of Residence, Permiso sa mga Gawaing Hindi Saklaw sa Ipinagkaloob na Visa

### 3. Pagpapakasal o Pag-aasawa

Pagpapakasal ng Dayuhan sa Isang Hapones , Pag-aasawa ng Dayuhan sa Kapwa Dayuhan sa Bansang Hapon, Ang Pagpapalit ng Visa, Pagbabago ng mga Impormasyon sa Resident Card, Mga Iba pang Pagbabago

### 4. Paghihiwalay o Diborsiyo

Kung Balak Magdiborsiyo, Kung Hindi Papayag Makipagdiborsiyo, Residence Status Pagkatapos ng Diborsiyo, Pagpalit ng Impormasyon sa Rehistro

### 5. Pagkamatay

Pagbibigay Alam ng Pagkamatay (Death Notification), Paglilibing

# V .Transportasyon • • • 39

### 1. Mga Pamublikong Sasakyan

Tren (JR, Pribadong railway at Subway), Route Bus, Taxi, Kapag may Bagay na Naiwan sa Loob ng Tren, Bus at Taxi

### 2. Bisikleta

Pagbili ng Bisikleta, Pagparada ng Bisikleta, Kapag Ninakaw ang Bisikleta, Huwag Mamulot ng Bisikleta, Mga Batas Pantrapiko

### 3. Lisensiya sa Pagmamaneho o Driver's License

Lisensiyang Pang-internasyonal, Pagpapalit ng Lisensiyang ng Ibang Bansa, Pagkuha ng Bagong Lisensiya sa Pagmamaneho sa Japan, Pagpapasalin ng Lisensiya sa Wikang-Hapon, Patakaran sa Pagmamaneho sa Bansang Hapon

### 4. Mga Karatula at Kanji na Madalas Makita sa kung Saan-saan

# VI . Pagbubuntis, Panganganak, Pagpapalaki ng Anak at Edukasyon • • • 45

### 1. Pagbubuntis at Panganganak

Kapag Buntis o Nagdadalang-tao, Bayarin o Gastusin, Tulong sa Buntis, Panganganak

### 2. Day-care

Sistema ng Day-care sa Japan, Pribadong Serbisyo, Family Support Center, Libreng Edukasyon at Serbisyon Daycare ng Bata

Sistema sa Allowance Para sa Bata

### **3. Kalusugan at Pagpapagamot ng Sanggol**

Pagpapagamot at Pangangalaga sa Sanggol, Pagbabakuna, Pagpapatingin ng Kalusugan, Bayarin o Gastos para sa Pagpapagamot ng Sanggol o Bata

### **4. Sistema ng Edukasyon sa Bansang Hapon**

Kumpolsaryong Pag-aaral, Pagtapos ng Kumpolsaryong Pag-aaral, Suporta sa Buhay sa Eskwela Para sa mga Estudyante, Baon, Tulong Upang, Makapag-aral

## **VII. Impormasyon at Telekomunikasyon . . . 52**

### **1. Telepono**

Pag-aaplay Para Makabitan ng Telepono, Pagbabayad, Mga Tanong Tungkol sa Serbisyo ng Telepono

### **2. Cell Phone**

### **3. Paano Tumawag sa Ibang Bansa**

### **4. Midya**

TV (Telebisyon), Radyo, Internet, Dyaryo at Magasin, Aklatan (Library) na may Libro at Magasin sa Wikang Banyaga

## **VIII. Trabaho, Buwis at Pagpapadala ng Pera sa Ibang Bansa . . . 58**

### **1. Paghahanap ng Trabaho**

Kapag Maghahanap ng Trabaho, Paghahanap ng Trabaho para sa mga Estudyanteng Taga-Ibang Bansa pagkatapos Grumadweyt, Paghahanap ng Trabahong Pang-espesyalista o Pang-teknikal

### **2. Pagtatrabaho**

Kondisyon sa Pagtatrabaho, Mga Pamantayan sa Pagtatrabaho, Opisina ng Labor Standard Inspection, Aksidente sa Trabaho, Tanggapan Para sa Konsultasyon, Insyurans Kapag Nawalan ng Trabaho

### **3. Buwis o tax**

Paraan ng Pagbabayad ng Buwis , Mga Uri ng Buwis

### **4. Mga Bangko at Pagpapadala ng Pera sa Ibang Bansa**

Bangko, Post Office, Pagpapadala ng Pera sa Ibang Bansa o Remitans

### **5. Pensyon**

Pensiyon para sa mga Empleyado, Pensiyon para sa Mamamayan, Lump Sum Withdrawal Refund System

## **IX. Apendise . . . 65**

### **1. Listahan ng mga Kinauukulang Opisina**

Munisipyo ng Osaka Prefecture, Mga Nasyunal na Institusyon, Listahan ng mga International Exchange Associations sa Osaka Prefecture

### **2. Konsultasyon sa Ibat-ibang Wika**

### **3. Kalusugan at Pangangalagang Medikal**

Mga Klinika sa Tuwing may Emerhensiya, Listahan ng Pampublikong Health Center, Listahan ng Pampublikong Health Center sa Osaka City

#### 4. Pagtatrabaho


Listahan ng mga Hello Work sa Osaka, Listahan ng mga Opisina ng Labor Standard Inspection

#### 5. Listahan ng mga Consulate-General at mga Embahada sa Kansai

Consulate-General at Konsulada sa Kansai, Embahada at Honorary Consulate sa Japan (Kung walang Consulate-General sa Kansai)

#### Tungkol sa Paggamit ng Handbook na Ito

Ang handbook na ito ay naglalaman ng mga pangunahin at mahahalagang kaalaman para sa mga dayuhan sa kanilang paninirahan, pagtatrabaho, pagpapalaki ng bata atbp. sa Osaka. Ang mga impormasyong nakasulat ay batay sa rekord ng 2024/3. Ang mga pagpapaliwanag ay buod lamang kaya't kakailanganin magtanong sa mga kinauukulan para sa detalye. Karaniwan, ang serbisyo ay sa wikang Hapon lamang maliban sa mga may nakasaad na “maaari sa ibang wikang X”. Ipinapayong humingi ng tulong sa isang marunong mag-Hapon sa pagsangguni, pagtatanong atbp.













## Talatuntunan Ayun sa Layunin

Kung ikaw ay:	Proseso at mga kailangang gawin	Opisinang Pag-aaplayan	Pahina	
Magsisimulang mamuhay sa bansang Hapon	Pagparehistro ng tirahan	Sa tanggapan ng munispyong inyong tinitirahan	28	
	Abiso para Personal na Numero		30	
	National Health Insurance		10	
	National Pension		64	
Lilipat ng tirahan	Moving-in Notification, Moving-out Notification (*Change of Address Notification)	Sa tanggapan ng munisipyo ng dati at bagong tirahan (*parehong munisipyo kapag Change of Address Notification )	18	
	National Health Insurance			
Lalabas ng bansang Hapon	Pansamantalan g pag alis ng bansa	Pagkuha ng re-entry permit, Sistema ng Special Re-entry Permit	Bureau of Immigration	32
	Pag uwi sa sariling bansa	Pagbabayad ng buwis	Sa tanggapan ng munisipyong inyong tinitirahan	18
		Notification of Moving-out Abroad		
		Paghinto ng National Health Insurance		
		Paghinto ng National Pension		
Pagsuko ng Resident Card	Isuko sa Immigration Officer bago lumabas ng bansa			
Kapag mag papakasal	Isa sa mag asawa ay Hapones	Pagparehistro ng kasal	Sa munisipyong inyong tinirahan o sa munisipyo kung saan nakarehistro ang family register	34
		Pagpapalit ng Status of Residence	Bureau of Immigration	
		Pagparehistro sa sariling bansa	Sa inyong Embahada o Konsulado	
	Ang mag-asawa ay kapwa dayuhan	Pagparehistro sa sariling bansa	Sa inyong Embahada o Konsulado	
		Pagpapalit ng Status of Residence	Bureau of Immigration	
Kapag mag hihiwalay o diborsiyo★	Isa sa mag-asawa ay Hapones	Pagparehistro ng diborsiyo	Sa tanggapan munisipyong inyong tinirahan	36
		Pagparehistro sa sariling bansa	Sa inyong Embahada o Konsulado	
	Ang mag-asawa ay kapwa dayuhan	—	Sa inyong Embahada o Konsulado	
Nagdadalang-tao	Maternal ang child health card	Sa tanggapan ng munisipyong inyong tinirahan	45	
Nagsilang ng sanggol	Pag parehistro ng kapanganakan	Sa tanggapan ng munisipyong inyong tinirahan	46	
	Pagkuha ng Status of Residence	Bureau of Immigration		
	Pagparehistro sa sariling bansa	Sa inyong Embahada o Konsulado		
Namatay★	Pagparehistro ng pagkamatay	Sa lugar kung saan namatay o munisipyong kinabibilangan	38	
	Isuko ang Resident Card	Bureau of Immigration		
	Pag parehistro sa sariling bansa	Sa inyong Embahada o Konsulado		
★S a mid-to-long term residents , ipagbigay-alam sa Minister of Justice sa pamamagitan ng pagdalaw sa Regional Immigration Office o ipadala sa Tokyo Regional Immigration Office sa loob ng 14 na araw kapag nagdeborsyo o namatayan ng asawa ang mga taong may status ng “Dependent (bilang asawa)”, “Designated Activities (C)”, o “Spouse or Child of Japanese National, or Spouse or Child of Permanent Resident”				

# I Pagtugon sa Emerhensiya

## I-1 Listahan ng mga Telepono para sa Emerhensiya

<b>Pulis</b>		<b>110</b>
<b>Fire Department</b>		<b>119</b>
<b>Ambulansya</b>		<b>119</b>
<b>Doktor</b>		
<b>Ospital sa inyong Lugar</b>		
<b>Gas (Singaw o tagas)</b>		
<b>Problema sa Tubig</b>		
<b>Problema sa Elektrisidad</b>		
<b>Embahada/Konsulado</b>		
<b>Eskuwelahan/Opisina</b>		
<b>Samahan ng Magkakapitbahay(jichikai)</b>		

[Return to Top](#)

## I-2 Sa Isang Emerhensiya (Sunog, Biglaang Pagkakasakit, Krimen)

### 1. Sunog (☎ 119; Maaaring tumawag sa wikang Ingles)

Kapag may nasusunog, ipaalam agad ito sa mga kapitbahay. Kung mayroong fire alarm sa loob ng gusali, pindutin agad ito. Tumawag sa 119 at ulat nang mahinahon ang sunog at ang lugar kung saan ito nagaganap. Kung mabilis ang paglaki ng apoy at usok, tumakas agad sa lugar na ligtas.

#### Mga halimbawa sa wikang-Hapon

"Kaji desu.○○(adres) no △△ (pangalan) desu."

(May sunog. Ako si ○○ nakatira sa ○○.)

"○○(adres) no △△ (pangalan) desuga, tonari-ga kaji desu."

(Ako si ○○ na nakatira sa ○○, may sunog sa katabing bahay.)

### 2. Biglaang Pagkakasakit at Kapinsalaan, atbp. (☎ 119; Maaaring tumawag sa wikang-Ingles)

Kung bigla kang nagkasakit o kapinsalaan at hindi mo kayang magpunta sa ospital na mag-isa, maaari kang tumawag sa 119 para sa ambulansiya. Walang bayad ang pagtawag at paggamit ng ambulansiya, subalit kailangan mong sagutin ang pagpapagamot sa ospital. Bukod dito, maaaring hindi ka dalhin sa nais mong ospital sapagkat ang ambulansiya ang pipili ng ospital na naaayon sa iyong kalagayan, lugar at oras.

Kapag nagkamaling nakainom ng gamot o lason, pumunta kaagad sa ospital at dalhin ang lalagyan ininom ninyo kasama na rin ang papel na nag-eeksplika tungkol sa ininom ninyo o tumawag agad ng ambulansiya. Maari ding tumawag sa "119" at magtanong kung ano ang nararapat gawin.

(Guide sa paggamit ng ambulansiya para sa mga bumibisitang dayuhan)

<https://www.fdma.go.jp/publication/portal/post1.html>

#### Mga halimbawa sa wikang-Hapon

Kyuukyusya-wo onegaisimasu.○○(adres) no △△ (pangalan) desu.

(Pakipadalan kami ng ambulansiya. Ako si △△ na nakatira sa ○○.)

○○(adres) no ○○(pangalan) desuga, △△ wo kega simasita.

(Ako si ○○ na nakatira sa ○○. Nasaktan o nasugatan ang △△.)

○○(adres) no ○○(pangalan) desuga, △△ (parte ng katawan) ga itakute ugokemasen.

(Ako si ○○ na nakatira sa ○○. Hindi ako makakilos dahil masakit ang △△.)

○○(adres) no △△ (pangalan) desuga, chi-ga deteimasu.

(Ako si △△ na nakatira sa ○○, nagdurugo ako.)

### 3. Kapag Naging Biktima ng Krimen (☎ 110; Maaaring tumawag sa wikang-Ingles.)

Kapag nasangkot o nakasaksi ng krimen, tumawag kaagad sa 110 at ipaalam ito sa pulisya. Kapag ang inyong bahay o opisina ay nilooban ng magnanakaw, huwag galawin ang anumang bagay at tumawag sa 110.

#### Mga halimbawa sa wikang-Hapon

"Tasukete kudasai." (Tulong! Saklolo!)

"Dorobou desu." (Magnanakaw!)

"Suri ni ai mashita." (Nadukutan ako.)

"Nagurare mashita." (Sinuntok ako.)

May "anti-stalking control law" na nagbabawal ng pagbuntot, pag-aabang, pagpilit ng panliligaw o pagbisita na hindi obligado, marahas na pananalita at pananakot. Kapag nangyari sa iyo ang mga ito, sumangguni agad sa pulis.

[Stalker Dial 110, Osaka Prefecture Pulis Head Office] ☎ 06-6937-2110



Ipinagbabawal din ng batas ang pananakit sa asawa, o kasintahan. Ang Osaka Prefecture Female Consultation Center ay nagbibigay ng pansamantalang tuluyan, konsultasyon at counseling para sa mga biktima ng ganitong karahasan.


**[Osaka Prefecture Female Consultation Center ☎ 06-6949-6181]**

#### **4. Paghingi ng tulong sa pamamagitan ng telepono**


Walang bayad ang pagtawag sa 110 o 119 kung pampublikong telepono ang gagamitin. I-angat lang ang receiver ng telepono at pindutin ang pulang buton. (May ibang pampublikong telepono na iba ang paraan o di puwede ang mga emergency call.)

Puwede ring tumawag gamit ang cellphone. Pindutin ang 119 o 110. Siguraduhing sabihin kung nasaan ka sa kasalukuyan at cellphone number mo.

## 5. Mga Parte ng Katawan



## Lamang loob



[Return to Top](#)

## I-3 Paghahanda sa Kalamidad

### 1. Bagyo

Ang bagyo ay isang malakas na pag-ulan at paghangin na nangyayari mula sa buwan ng Hulyo hanggang Oktubre.

Maaaring pinsala

1. Pinsala dahil sa pagtama ng nagliliparang bagay.
2. Pagguho ng lupa at pagbaha dahil sa matinding pag-ulan.
3. Paglubog ng mga bahay.
4. Pagkawala ng kuryente.
5. Pagkawala ng supply ng tubig sa ilang gusali dahil sa pagtigil ng water pump.

\*Laging subaybayan ang weather forecast para malaman kung may paparating na bagyo.

Paghahanda sa bagyo

- Subaybayan ang ang weather forecast sa radyo, tv, o internet at alamin kung kailan at saan dadaan ang bagyo.
- Manatili sa loob ng bahay kapag lumakas ang ulan at hangin.
- Maghanda ng mga gamit gaya ng tubig, pagkain, flashlight, radyo at iba pa, at ilagay sa isang bag.
- Alamin kung saan ang malapit na evacuation site sa inyong lugar.

### 2. Lindol

Ang bansang Hapon ang isa sa mga bansang madalas lindulin. Kapag lumindol, gumagalaw ang lupa, natutumba ang mga kagamitang pambahay at bumabagsak ang mga bahay. Ito rin ay minsang nagiging sanhi ng “tsunami” o tidal wave.

Mga dapat gawin kapag may lindol

1. Kung ikaw ay nasa loob ng bahay o gusali:
  - Magtago sa ilalim ng lamesa para hindi mabagsakan ng ano mang bagay na bumabagsak.
  - Kapag huminto na ang pagyanig, patayin agad ang apoy sa kalan at pagkatapos ang main valve ng gas.
  - Buksan ang pinto palabas para makasigurong may labasan.
  - Huwag gamitin ang elevator.
2. Kung ikaw ay nasa labas:

Protektahin mo ang ulo mo sa mga bumabagsak ng bagay. Huwag tumayo sa tabi ng pader o ilalim ng bubong na madaling gumuho. Agad na lumisan sa isang ligtas na lugar o patag na walang mga gusali.
3. Kung ikaw ay nasa loob ng kotse:

Huwag mataranta at dahan-dahang ihinto ang kotse sa tabi ng daan habang nag-iingat. Kahat huminto na ang pagyanig, posibleng may mga sumusunod na pagyanig o aftershock kaya mag-ingat.

Paghahanda sa Pang-araw-araw

- Lagyan ng bakal o kadena ang ilang kagamitang para hindi ito bumagsak o matumba.
- Huwag maglagay ng mga babasaging kagamitan gaya ng vase sa taas ng istante o sa ulunan ng iyong kama.
- Maghanda o magtabi ng mga gamit gaya ng tubig, pagkain, flashlight, radio at iba pa, at ilagay sa isang bag.

### 3. Mga maaaring pagkunan ng impormasyon tungkol sa kalamidad

FM COCOLO 76.5MHz

NHK Radio 2 828KHz

NHK Radio 1 666KHz

NHK General Television 1 CH

NHK World News (BS1, BS Premium)

Internet

NHK World

<https://www3.nhk.or.jp/nhkworld/index.html>

Osaka Disaster Prevention Net

<https://www.osaka-bousai.net/pref/index.html>

#### 4. Evacuation Area o *hinanjo*

Dapat pumunta sa nakatalagang evacuation area kapag may kalamidad. Alamin kung saan an pinakamalapit na evacuation area sa inyong lugar bago.

Evacuation area sa inyong lugar:

--

#### 5. Listahan ng mga bagay na dadalhin sa emerhensya

Kategorya	Check	Bagay	Kategorya	Check	Bagay
Pagkain		Pang-inom na tubig	Iba pa		Flashlight
		Hard biscuit, emergency food tulad ng canned goods			Portable radio
Gamit sa pamumuhay		Guwantes			Baterya
		Twalya			Kandila/lighter
		Plastic bag			Army knife
		Toilet paper, wet tisyu			Helmet (Hood pang-iwas sa sakuna)
Mahalagang bagay		Pera (barya)			Simpleng toilet
		Cellphone			Dry shampoo
		Bank book/seal ( <i>inkan</i> )			Sapatos
		Health Insurance Card/Driver's License Individual Number Card			First-aid Kit/Gamot
		Pasaporte		Pansulat	
		Residence Card		Jacket/underwear	

[Return to Top](#)

## II Kalusugan at Pagpapagamot

### II-1 Pagpapagamot (Paggamit ng Medikal Institusyon)

#### 1. Pagpapagamot sa Bansang Hapon

Mataas ang pamantayan ng pagpapagamot sa bansang Hapon pero karamihan sa mga doctor ay hindi ipinapaliwanag ng detalyado tungkol sa paraan ng paggamot at mga gamot na inireseta nito. Subalit kung kinakailangan mong malaman ang tungkol dit, huwag mag-atubiling magtanong sa inyong doctor. Madalas ay maikling oras lamang ang ginugugol ng mga doktor sa pagtingin ng mga pasyente. Karaniwan kailangang kumuha ng appointment kung magpapatingin sa dentista subali't karamihan sa mga ospital ay sinusunod ang sistemang first come first serve kung kaya't may pagkakataon na ikaw ay maghihintay ng matagal.

Hindi katulad sa ibang bansa, bihirang magbigay ng painkiller sa bansang Hapon.

#### 2. Medikal Institusyon Mga uri

Klinika (*iin*), Tanggapan ng doktor (*shinryoujo*), at Ospital (pwede kang magpa-admit at may kaukulang kagamitan sa mga pagsusuri.) Kung hindi mo alam kung ano ang iyong sakit o hindi malala ang sintomas nito, mabuting magpatingin muna sa klinika at humingi ng payo ng doktor.

#### Oras ng Konsulta (Pagpapatingin)

- May mga ospital na sa umaga lamang tumatanggap ng konsulta.
- Karamihan sa mga klinika at tanggapan ng doktor ay umaga't hapon ang pagtanggap ng konsulta subali't mayroon ding sarado sa hapon kahit na ordinaryong araw.

#### Wika o Pananalita

Halos karamihan sa mga doktor ay nakakaintindi ng wikang Ingles subali't madalas na ang mga medical questionnaire ay nakasulat sa wikang Hapon lamang. Kung hindi nakakaintindi ng wikang Hapon, gumamit ng medical questionnaire na nakasulat sa inyong wika o magsama ng taong marunong mag-Hapon.

Medical Questionnaire: [URL https://www.kifjp.org/medical/](https://www.kifjp.org/medical/) (Kanagawa Kokusai Kouriyu Zaidan) Kanagawa International Exchange Foundation

#### Papaano Magpatingin sa Doktor

- Reception Desk: Dalhin ang valid Health Insurance card at ipakita ito sa resepsyon ng ospital. Sagutin ang medical questionnaire na ibibigay na nagtatanong tungkol sa mga sintomas na nararamdaman mo sa kasalukuyan at tungkol sa mga nakaraang karamdaman. Pagkatapos, maghintay sa silid-hintayan hanggang sa tawagin ang pangalan mo.
- Pagpapatingin: Magpatingin sa tanggapan ng doctor at magpapagamot o kumuha ng pagsusuri kung kinakailangan.
- Pagbabayad: Kunin ang mga ibibigay na gamot at hintayin na tawagin ka para magbayad sa kahera. Kasalukuyang dumarami ang tumatanggap ng reseta at bumibili ng gamot sa botika.

#### 3. Pagpapaospital

Ang mga ospital sa bansang Hapon ay may mga kwartong pribado, pang-dalawahan (twin) o pangmaramihan (standard). Ang bayad sa kwartong pribado at pangdalawahan (twin) ay hindi sagot ng insyurans. Kailangang sagutin ito ng pasyente.

Ang pagkaka-confine sa ospital sa bansang Hapon ay kadalasang mas matagal kumpara sa ibang bansa. Ito ay para maibigay ang pinakamabuting pangangalaga sa pasyente.

Karamihan sa malalaking ospital ay mayroong nursing care, pero kung wala nito, maaaring makiusap sa ospital para kumuha ng bantay. Sa ganitong sitwasyon, maaaring sagutin ng insyurans and bayad sa attendant.

#### 4. Mga Ospital na Nakakaintindi ng Wikang Banyaga

Bumisita sa website ng “Osaka Medical Facilities Information System” para sa detalye ng mga ospital na may mga staff na nakakapagsalita ng iba’t ibang wikang banyaga. Maaari ring tawagan ang “Osaka Information Service for Foreign Residents” na nasa ilalim ng Osaka Prefecture o ng AMDA (Association of Medical Doctors of Asia) International Medical Information Center (Apendise IX-2)

Osaka Medical Facilities Information System:

[URL https://www.mfis.pref.osaka.jp/apqq/qq/men/pwtpmenuult01.aspx](https://www.mfis.pref.osaka.jp/apqq/qq/men/pwtpmenuult01.aspx)

#### 5. Kapinsalaan o Karamdaman sa Gabi o sa Araw na walang Pasok

Kung masugatan o magkasakit sa gabi o araw na walang pasok, maaaring magpatingin sa malapit na emergency clinic ng ospital sa inyong lugar. Subali’t maaaring hindi makaintindi ng wikang banyaga ang ospital na inyong pupuntahan kaya’t makabubuting magsama ng taong marunong magsalita ng wikang Hapon. May posibilidad rin na maaaring nagbubukas lamang ang emergency clinic sa mga takdang araw at oras. (Apendise IX-3)

#### 6. Gamot

**Ang gamot ay nahahati sa dalawang klase.** Isa ay ang ginagawa ng pharmacist base sa reseta na binigay ng doktor ng ospital o clinic pagkatapos pagsusuri. Ang isa pa ay ang gamot na nabibili mo over the counter sa botika o drugstore. Nahahati ang gamot depende sa uri nito.

Ngayon, puwede kang magpa-reseta ng generic na gamot. Ito ay gamot na ipinagbibili pagkatapos nag-expire ang patent, pero kapareho nito ang epekto ng bagong gamot at aprobado ng bansa na ligtas. Mas mura ang halaga nito kaysa sa bagong gamot.

Ang mga listahan ng pinakamalapit na botika sa inyong lugar ay makikita dito:

Health Insurance Pharmacies System (English, Chinese, Korean, Japanese)


[URL https://kensaku.okiss.jp/Pc/](https://kensaku.okiss.jp/Pc/)

[Return to Top](#)

## II-2 Medikal Insyurans (National Health Insurance, Nursing Care, etc.)

### 1. Medikal Insyurans sa Bansang Hapon


Ang medikal insyurans ng bansang Hapon ay may dalawang uri. Ayon sa batas, lahat ay kailangang kumuha ng alin man sa dalawang ito. Mahal ang pagpapagamot sa bansang Hapon, subalit kung may medikal insyurans ka, mababawasan ang babayaran mo. Ang mga dayuhang may visa na mahigit sa 3 buwan at nakarehistro ay maaaring kumuha ng National Health Insurance.



Ang mga taong may edad na 75 pataas ay kinakailangang mag-apply ng “Latter-Stage Elderly Healthcare Insurance”. (Para sa detalye, tingnan ang No. 3 sa ibaba.)

### 2. National Health Insurance

Mga taong dapat kumuha ng National Health Insurance \*



Hindi kinakailangang kumuha ng National Health Insurance ang mga sumusunod na dayuhan.

\*Mga mamamayan ng isang bansa na may Social Security Agreement sa bansang Hapon at may sertipikong nagpapakitang may social security subscription siya sa bansa niya.

\*Ang may status na “Designated Activities” na nasa bansang Hapon upang magpagamot at ang mga taong nag-aasikaso sa kanila.

\*Mga taong may “Short-term stay” o “Diplomat” visa.



### (1) Proseso ng-aaplay

- Kailan mag-aaplay:  
Sa pagpasok sa bansang Hapon, sa tuwing magpapalit ng tirahan, sa panganganak, sa pagtigil ng Social Insurance System.
- Mga dokumentong kailangan:  
Resident Card (dokumentong nagpapatunay na sila ay mamalagi ng higit ng 3 buwan kung kahit hindi rehistradong residente)

### (2) Mga Benipisyong Matatanggap

Tungkol sa halaga ng makukuhang benipisyo at paraan ng pag-aaplay, magtanong sa itinalagang tanggapan sa inyong munisipyong kinabibilangan. (Pahina ng Apendise IX-1)

- **Sariling Sagot na Gastusin sa Pagpapagamot:** Ang mga nagbabayad ng National Health Insurance ay magbabayad lamang ng 30% [20%- sa mga mag-aaral ng compulsory education at mga batang hindi pa nag-aral; 20%- sa mga taong may edad na mahigit sa 70 taong gulang at hindi lalampas ng 74 taong gulang (10% para sa mga ipinanganak hanggang ika-1 ng Abril, 1944 bilang isang espesyal na panukala ng bansa; pero sa mga taong tumatanggap ng mas mataas na sahod ayon sa itinakdang pamantayan ng pamahalaan ay tatlumpong porsiyento (30%)] ng kabuoang halaga ng kanilang gastos sa pagpapagamot. Ang pagkain sa ospital ay kakailangang bayaran gamit ang sariling pera. Maaaring may mga bayarin na hindi sangkop ng insyurans katulad ng pagbayad sa higaan
- **Malaking gastos sa pagpapagamot:** Kung lumampas sa itinakdang halaga ang mga binayaran ng isang tao sa pagpapagamot sa iisang pagamutan sa loob ng isang buwan, ang sobra sa binayaran ay maibabalik.
- **Tulong sa panganganak:** Kapag nagsilang ng sanggol ang ang nagbabayad ng National Health Insurance, parte ng mga ginastos sa panganganak ay ibabalik sa ulo ng tahanan (head of the family).
- **Gastos sa pagpapalibing:** Kung sakaling masawi ang nagbabayad ng Insurance, parte ng gastusin ng pagpapalibing ay ibabalik sa taong nagpalibing nito.
- **Tulong sa pagpapagamot ng partikular sakit:** Ang National Health Insurance ay maaaring magbigay ng tulong sa pagpapagamot ng partikular na karamdaman na maaaring gastusan ng malaki.

### (3) Bayad sa Insyurans (Buwis)

Hindi pareho ang binabayaran ng bawat tao sa kanilang insyurans, depende ito sa bilang ng miyembro ng pamilya, sa kita ng nakaraang taon. May darating na notisyo mula munisipyong kinabibilangan kung kaya't sila ang tanungin ukol sa mga detalye. (Pahina ng Apendise IX-1)

Ang pagbabayad ng insyurans ay hinahati ng ilang beses sa isang taon. Ang resibo ng inyong babayaran o payment slip ay ipadadala sa pamamagitan ng koreo at maaari itong bayaran sa banko, convenience store atbp. o kaya naman sa mismong tanggapan na nakatalaga sa inyong munisipyo. Maaari ring kaltasin ito sa inyong savings account sa banko o savings account sa post office kung inyong nanaisin. Para sa higit na kaalaman tungkol dito, makipag-ugnayan sa banko/post office na inyong kinabibilangan.

Para sa mga nagbabayad ng National Health Insurance na ang lahat ng miyembro ng pamilya ay mahigit sa 65 taong gulang, ang ulo ng pamilya (head of the family) ay makakatanggap ng buwanang pensiyon na 15,000 yen o higit pa. Kung ang pinagsamang halaga ng nursing care insurance at medical health insurance ay hindi aabot ng kalahati sa kanilang tinatanggap na taunang pensiyon, ibabawas ang bayad sa insyurans sa kanilang tinatanggap na pensiyon.

Kung ikaw ay pansamantalang hindi makakapagbayad sa iyong insyurans dahil sa kalamidad o pinsala at dahil dito ay nawalan ng hanapbuhay, maaari kang mabigyan ng konsiderasyon (maaaring bumaba ang babayaran ng insyurans o hindi na pagbayarin ng insyurans). Magtanong lamang sa kinauukulan sa munisipyong inyong kinabibilangan hinggil dito.

Kung ikaw ay nabangga o nasaktan ng ibang tao o nasaktan sa isang sakunang pang trapiko, kadalasan ay ang may kasalanan ang tutugon sa lahat ng magagastos sa pagpapagamot. Subali't maaaring sagutin ng National Health Insurance ang pagpapagamot kung mag-aaplay. Maaari ring singilin ang taong nakasakit sa inyo. Kapag makipag-ayos, kumunsulta muna sa kaukulang opisina sa munisipyo. (Pahina ng Apendise IX-1)

Mula Abril 2018, ang Prepektura ng Osaka ay sasama sa munisipyo sa pagpatakbo ng National Health Insurance. Ang bayad sa insyurans at pag-kompyut ng discount ay magiging pare-pareho sa lahat ng munisipalidad. Subalit, may panukalang nagbibigay ng adjustment period na 6 na taon. Sa loob ng 6 na taon, maaaring may pagkakaiba sa bayad. Kumunsulta ukol sa mga detalye sa munisipalidad kung saan kayo nakatira.

### 3. Serbisyong Medikal sa mga Matatanda (Medical Service System for the Elderly People with Longevity)

Sa bansang Hapon, ang mga medikal insyurans ng mga matatandang may edad 75 pataas ay agad na hinihinto at nililipat sa Serbisyong Medikal sa mga Matatanda o "Medical Service System for the Elderly People with Longevity". Automatic na mapapasailalim ng nasabing serbisyo ang mga dayuhan na nabigyan ng resident status ng mahigit sa 3 buwan at rehistradong residente. Kahit hindi pa rehistradong residente, kung ipinapalagay na mahigit sa 3 buwan ang tagal ng pananatili maaaring masaklaw sa sistemang ito. (Hindi pwede automatic na mapasailalim kung hindi magpapa-rehistro ng residente. Maaaring sumangguni sa departamento ng Koki Koureisha Iryo (Serbisyong Medikal sa mga Matatanda) sa inyong munisipyo. Ang mga taong pwedeng kumuha ng Serbisyong Medikal sa mga Matatanda ay pareho ng sa National Health Insurance. Para sa detalye, tingnan ang 2. National Health Insurance.)

#### (1) Paraan ng Pag-aaplay

Walang prosesong kailangan. Ang asosasyon (Kouki Rengou) na namamahala sa sistemang ito ay magpapadala ng katibayan ng insyurans isang buwan bago dumating ang iyong 75 na kaarawan.

Para naman sa mga taong 65 taong gulang pataas hanggang 74 taong gulang, sila ay maaaring mapasailalim sa sistemang ito kung mapapaturunang mayroon silang pirmihang kapansanan matapos maisumite ang kanilang aplikasyon. Maaaring mag-aplay sa munisipyong inyong tinitirahan at makipag-ugnayan sa tanggapan ng Kouki Koureisha at sa namamahala nito.

#### (2) Mga Benipisyong Matatanggap

- **Sariling Sagot na Gastusin sa Pagpapagamot:** Sampung porsiyento (10%) ng kabuuang bayarin. (Tatlumpung porsiyento (30%) naman kapag lumagpas ng itinakdang gastusin). Tandaan na maaaring hindi sagutin ng Health Insurance ang ibang gastusing kasabay ng inyong pagkaka-admit sa ospital.
  - **Malaking gastos sa pagpapagamot:** Kung lumampas sa itinakdang halaga ang mga binayaran ng isang tao sa pagpapagamot sa isang pagamutan sa loob ng isang buwan, ang sobra sa binayaran ay maibabalik.
  - **Tulong sa Pagbuburool:** Makakatanggap ng tulong pinansiyal para sa ginastos sa pagbuburool.
  - **Tulong mula sa Pamahalaan:** May tulong na pinansyal (para bumaba ang inyong bayarin sa pagpapagamot) para sa mga partikular na karamdaman o sakit.
- Makipag-ugnayan lamang sa kinaaukulang departamento ng inyong munisipyo o "Kouki Koureisha Seido" para makatanggap ng mga tulong pinansiyal na nabanggit sa itaas.

#### (3) Bayad sa Insyurans

Ang bawat bayan o lungsod ay may kanya-kanyang paraan ng pagkwenta ng bayad sa insyurans. Pinagbabasehan ang halagang babayaran ng bawat kasapi ayon sa dami ng bilang ng miyembro ng pamilya at tinanggap na sahod ng nakaraang taon. Kung ang tinatanggap na pensiyon ay mahigit sa 15,000 yen sa loob ng isang buwan, pagsasamahin ang halaga ng binabayaran sa Nursing Care Insurance at Medical Health Insurance kung hindi ito lalampas ng kalahati sa kabuuang halaga ng tinatanggap na buwanang pensiyon, ito ay maaaring ibawas sa tinatanggap na buwanang pensiyon. Ipadadala ang inyong bayarin sa insyurans sa pamamagitan ng koreo. Mangyari lamang na bayaran ito sa tanggapan ng inyong munisipyo o kaya naman sa bangkong malapit sa inyo.

Kung ikaw ay nakaranas ng kalamidad o pinsala at dahil dito ay nawalan ng hanapbuhay at pansamantalang hindi nakakabayad ng insyurans, maaaring sumangguni sa nakatalaga sa inyong munisipyo upang mabawasan ang bayarin. (Pahina ng Apendise IX-1)

### 4. Nursing Care Insurance (Kaigo Hoken)

Sa bansang Hapon, ang mga taong nagangailangan ng pangangalaga (nursing care) dahil sa hindi na makabangon sa kanilang higaan (bedridden), pagkaulyanin (dementia) o iba pang karamdaman ay maaaring makatanggap ng tulong mula sa Nursing Care Insurance na nasa ilalim ng tanggapan ng munisipyong nagsasagawa ng nursing care.

#### (1) Mga Pwedeng Kumuha ng Insurance

Pwedeng kumuha ng Nursing Care Insurance (miyembro na tumatanggap ng insurance) ang mga mamamayan sa bansang Hapon na nasa 65 taong gulang pataas (kategoriya 1 ang uri ng insyurans) at mga mamamayan na nasa 40 hanggang 64 taong gulang na may pinaghahawakang Public Health Insurance (Kategoriya 2 na Insyurans). Ang mga dayuhan ay maari ring kumuha ng insurance kapag mananatili sa bansang Hapon ng mahigit sa 3 buwan at may adres sa bansang Hapon. (Maaaring kumuha ng insurance ang may visa na 3 buwan o mababa kapag napatunayan na mananatili sila ng mahigit sa 3 buwan).

## (2) Mga Maaaring Gumamit ng Serbisyong Ito.

- Mga mamamayan na nasa 65 taong gulang pataas (kategoriya 1 ang uri ng insyurans) at nasa sumusunod na kalagayan:
  - Nakahiga na lamang at hindi na makabangon, matinding pagka-ulyanin atbp. at palagian ang pangangailangan ng nursing care (You Kaigo Joutai). Ang ganitong kalagayan ay dapat napatunayan ng munisipyong inyong kinabibilangan.
  - Mga hindi nangangailangan ng palagiang nursing care subalit kinakailangan ang suporta o tulong sa mga pang araw-araw na gawain sa buhay tulad ng pagbibihis, pagkain atbp. (You Shien Joutai). Ang ganitong kalagayan ay dapat napatunayan ng inyong munisipyong kinabibilangan.
- Mga mamamayan na nasa 40 hanggang 64 taong gulang na may Medikal Insyurans (Kategoriya 2 na Insyurans) na nangangailangan ng nursing care (You Kaigo Joutai) at suporta o tulong sa pang araw-araw na gawain sa buhay na dulot ng sakit na kasama sa 16 na uri ng karamdaman (sakit) ng katandaan (aging) tulad ng dementia o pagka ulyanin, cerebral thrombosis, o deperensiya sa ugat ng utak atbp. (You Shien Joutai). Ang ganitong kalagayan ay dapat napatunayan ng inyong munisipyong kinabibilangan.

## (3) Mga Uri ng Serbisyong Maaaring Tanggapin

- **Pangangalaga habang nasa bahay:** (Kasama rito ang serbisyo para sa mga tumatanggap ng “You Shien”)
  - Pagpapadala ng mag-aalaga sa bahay (Home Help Service): ang home helper ay dadalaw sa bahay upang tumulong sa gawain sa bahay at pag-aalaga ng katawan.
  - Pagpapadala ng Nars sa bahay: dadalaw ang nars sa bahay upang tumulong sa paggamot.
  - Pagpunta sa nursing home (Day Service Center): pagpunta sa day-service center para sa paligo, pagkain at rehabilitation (therapy), ito ay uwian lamang.
  - Panandalian or short-term nursing care sa isang institusyon.
  - Pangmatagalang pamamalagi sa isang institusyon atbp.
- **Serbisyo sa mga Pasilidad o Institusyon:**
  - Tirahan para sa mga matatanda na kailangan ang espesyal na pangangalaga (*Tokubetsu Yougo Roujin Home*): Mga pasilidad na nagbibigay ng pangangalaga sa mga matatanda na nahihirapan ng mamuhay sa kanilang bahay ng walang tulong o suporta ng iba. Ito ang kanilang magiging tirahan at binibigyan sila ng pang araw-araw na tulong, pag-aalaga at rehabilitasyon (therapy).
  - Mga pasilidad para sa pangangalaga sa matatanda (*Kaigo Roujin Hoken Shisetsu*): Dito isinasagawa ang rehabilitation (therapy) at nursing care para sa mga taong nangangailangan nito na umaasa na gagaling at makakabalik muli sa kanilang tahanan.
  - Pagamutan na may Nursing Care: Ito ay institusyon para sa mga matatanda na may pangmatagalang pangangailangan ng gamutan, rehabilitation (therapy) at nursing care.
  - Care Center Clinic: Isang pasilidad na nagbibigay nag pang-araw-araw natulong sa pamumuhay at medikal na pangangalaga para sa mga matandang nangangailangan ng long-term na pag-gamot at pag-aalaga.

※ *Paalala: Ang serbisyo ng pasilidad ay hindi maaaring gamitin ng mga taong hindi malala (You Shien Joutai) ang kapansanan o kalagayan.*

## (4) Paraan ng Pagbabayad ng Insyurans

- Sa mga taong may edad na 65 taong gulang pataas (para sa Kategoriya 1)
  - Kung mahigit sa 15,000 yen ang tinatanggap na pensiyon tuwing buwan, kukunin ang bayad mula sa pensiyon. Para sa iba, kukunin ang bayad mula sa inyong account sa banko o post office.
- Sa mga taong may edad na 40 taong gulang hanggang 64 taong gulang na kasapi ng Public Health Insurance (Para sa Kategoriya 2)
  - Ang bayad dito ay idadagdag sa bayad ng medikal insyurans.

## (5) Bayad sa Paggamit ng Nursing Care Insyurans

- Kung nakatatanggap ng serbisyo ng Nursing Care Insurance, ang pasyente ay magbabayad lamang ng sampung porsiyento (10%) ng kabuuang bayarin. Kung maninirahan sa isang institusyon (nursing home), kailangan bayaran ang pagkain atbp. maliban pa sa sampung porsiyento (10%) na papasanin.

- Upang hindi masyadong mapamahal sa babayaranang sampung porsiyento (10%), magkakaroon ng limitasyon sa bayarang pasanin (panustos para sa mga malaking bayarin sa serbisyo ng nursing care) lalo na sa mga may mababang suweldo. Upang hindi mabigatan, bababaan ang limitasyon at bababaan din ang singil sa pagkain.

(6) Mga Opisina at Sangay ng Lokal na Gobyerno na Pwedeng Pagtanungan.

Para sa mga detalye at higit na kaalaman patungkol sa Nursing Care Insurance at mga serbisyo, sumangguni sa Nursing Care Insurance Division sa inyong siyudad, distrito o munisipyo nasasakupan. (Pahina ng Apendise IX-1)

[Return to Top](#)

## II-3 Pangangalaga sa Kalusugan

Sa bansang Hapon, nagsasagawa ang lokal na gobyerno at mga kumpanya ng regular na check-up para maiwasan ang pagkalat ng sakit o para agad itong magamot bago pa lumala. Karaniwan, ang pagsusuri ay mababa ang singil at may pagkakataon din na ito ay walang-bayad kaya't makakabuting samantalain ang ganitong uri ng check-up.

### 1. Pampublikong Health Center (Hokenjo)

Para sa ikabubuti ng kalusugan ng mga mamamayan, ang mga Pampublikong Health Center ay nagbibigay din ng de kalidad na serbisyo sa inyong lugar. Ang araw, oras, klase ng pagsusuri ay depende sa pampublikong health center kaya dapat makipag-ugnayan muna bago magpunta. (Pahina ng Apendise IX-3)

- \* Mga nakakahawang sakit atbp. (HIV, STD (Sexually Transmitted Disease), Tuberkulosis, Viral Hepatitis, atbp.)
- \* Tulong at konsultasyon para panatiliin ang kalusugan ng ina at anak (Boshi Hoken)
- \* Tulong at konsultasyon para sa walang kagamutang sakit,
- \* Konsultasyon sa pag-iisip (Mental Health)

### 2. Health Center ng Munisipyo

Ang mga Health Center ng Munisipyo ay nagbibigay ng serbisyong medikal para sa mga lokal na residente gaya ng pagsusuri para sa mga sanggol, pagbabakuna, pagsusuri ng kanser at regular na pagpapatingin o check-ups sa mga matatanda. Tandaan na magkakaiba ang sistema ng pagsusuri depende sa munisipyo. (May mga lugar din na ang pagsusuri ay ginaganap sa Pampublikong Health Center o Hokenjo) Magtanong sa bawat center para sa detalye. (Pahina ng Apendise IX-3)

[Return to Top](#)

### III Pamumuhay at Tirahan

#### III-1 Paghahanap ng Tirahan

##### 1. Pag-aaplay sa Pampublikong Tirahan sa Osaka (Fuei-Juutaku)

Ang pag-aaplay sa Pampublikong Tirahan sa Osaka (*Fuei-Juutaku*) ay nagaganap ilang beses sa isang taon. Sa panahong ito, ang mga pamphlet para sa aplikasyon ay ikinakalat sa mga munisipyo, mga Information Plaza (*Joho Puraza*), sa mga itinalagang opisina tagapamahala at Osaka Prefectural Office. Mahigit kumulang sa 1 buwan ang panahon para mag-aaplay at magbubunutan para sa pagpili kung sino ang maaaring tumira. Maaari ring mag-aaplay ang mga dayuhan kung matutugunan ang mga sumusunod na kondisyon:

- ① Sapat at naaayon sa istandard ng kinikita o sweldo.
- ② Nahihirapang makahanap ng matitirahan sa kasalukuyan.
- ③ Ang aplikante ay nakatira sa Osaka o nagtatrabaho sa Osaka (may balak o planong magtatrabaho sa Osaka)
- ④ Rehistradong residente

Sumangguni sa Osaka Prefectural Public Housing Office:

[URL https://www.pref.osaka.lg.jp/s\\_jutaku/eiei/](https://www.pref.osaka.lg.jp/s_jutaku/eiei/)

##### 2. Ibang Pampublikong Pabahay

Pabahay ng Lungsod	Pabahay para sa mga pamilya sa lungsod na ang kinikita ay mas mababa sa karaniwang kita ng pamilya.
Pampublikong Paupahan ng Pripektura ng Osaka (Tokutei Koukyou Chintai Jutaku)	Pabahay para sa mga pamilyang nasa middle-range income <a href="https://www.pref.osaka.lg.jp/jutaku_kikaku/boshujigyo/index.html">URL https://www.pref.osaka.lg.jp/jutaku_kikaku/boshujigyo/index.html</a>
Pabahay sa ilalim ng Osaka Prefecture Public Company Rental Housing (Osaka-Fu Kousha Chintai Jutaku)	Pabahay na pinapatakbo ng Osaka Prefecture Public Company para sa mga pamilyang nasa middle-range income. ☎ 06-6203-5454
UR Housing	Pabahay sa ilalim at pamamahala ng Urban Renaissance Agency para sa mga pamilyang nasa middle-range income. ☎ 06-6968-1717

##### 3. Paghahanap ng Pribadong Tirahan

Kapag maghahanap ng pribadong paupahang-bahay, alamin muna ang renta, deposito, lugar, sukat, laki at iba pang mga kondisyon na tugma sa inyong pangangailangan. Makakatulong ang mga real estate agency (*fudousan-gyousha*) para makahanap ng matitirahan. Sabihin lamang ang inyong hinahanap at kinakailangan din alamin kung magkano ito. Makakatulong ang patalastas sa information site na nagbibigay ng impormasyon tungkol sa trabaho o sa real estate sa iba't-ibang wika para sa mga dayuhang nakatira sa bansang Hapon.

Pagkatapos makapili ng tirahan na uupahan, pipirma ka ng kontrata sa pag-upa sa real estate agency. Nakasaad sa kontrata ang halaga ng upa, bayad sa common service, mga kailangang tandaan kapag lilipat ng tirahan, kung pwede o hindi mag-alaga ng hayop at iba pang mga patakaran. Kung kaya't intindiing mabuti ang kontrata bago pumirma. (Ang pagpirma mo ay nagsasabing naiintindihan mo ang kontrata.) I-klaro kung kailan dapat magsabi kung aalis ka na, magkano ang mababawas sa deposito at anu-ano ang babayaran nito para makaiwas sa anumang problema sa hinaharap.

Mayroon ding support service na tinatawag na "Osaka Anshin Sumai Suishin Kyougikai" kung saan nagbibigay ng mahalagang impormasyon para sa paghanap ng pribadong tirahan.

[URL https://www.osaka-anshin.com/](https://www.osaka-anshin.com/)

### ■ Mga Kailangang Kapag Makikipagkontrata

Upa/Renta	Kada buwan babayaran ang upa ng susunod na buwan sa buwan bago noon. Dahil doon, sa umpisa dalawang buwang upa ang babayaran.
Bayad sa pagmimintina (para sa mga housing complex)	Ang mga naninirahan dito ay nagbabayad buwanan para sa gastos sa paglilinis at pagmimintina ng mga komon na lugar.
Deposito	Ang nangungupahan ay magbabayad ng deposito bilang garantiya na regular ang pagbabayad ng renta sa nagpapa-upa. Sa lugar ng Kansai, ang karaniwang deposito ay katumbas ng 3 buwan na renta at ito ay ginagamit sa pagpapa-ayos at pagmimintina ng paupahan at iba pang gastusin. Sa pag-alis ng umuupa, karaniwang ibinabawas ang 30% hanggang 50% sa deposito.
Service Fee	Halagang ibinabayad sa may-ari ng bahay para sa pagpirma sa kontrata o kasunduan.
Komisyon	Komisyon ng ahente ng bahay o apartment.

[Return to Top](#)

## **III-2 Paglipat ng Tirahan at Pag-alis sa Bansang Hapon**

### **1. Mga Kailangang Gawin Bago Umalis sa Inuupahang Tirahan**

Kung ikaw ay aalis na sa iyong inuupahang tirahan, dapat munang bayaran ang tubig, gas at kuryente. Tawagan ang bawat kumpanya ng gas, tubig at kuryente at ipaalam sa kanila na ikaw ay aalis at ayusin ang pagbabayad ng mga ito. Kapag magsumite ka ng notisya ng paglipat sa post office, ang lahat ng iyong parating na sulat ay mapapadala sa iyong bagong tirahan ng walang bayad sa isang taon.

Kung ikaw ay lilipat sa lugar na nasasakupan ng munisipyo ng kasalukuyang tinitirahan mo, magsumite ng “Notice of Change of Address” sa tanggapan ng munisipyo. Kung lilipat ka sa lugar sa ibang munisipyo, kinakailangang magsumite ng “Moving-out Notification” sa tanggapan ng munisipyo at bibigyan ka ng Certification of “Moving-out”. Kinakailangan ring magsumite ng “Ineligibility Notification” sa National Health Insurance division at isauli ang iyong insurance card.

### **2. Pagkatapos Makalipat sa Bagong Tirahan**

Agad tawagan ang kumpanya ng gas at kuryente. Ang kumpanya ng gas ay magpapadala ng taong magbubukas ng linya ng gas sa inyong bahay at babantayan ninyo ito. Kadalasan, kapag binuksan ang breaker, ay magkakaroon na ng kuryente pero dapat pa ring ipaalam sa kumpanya kung kailan kayo nagsimulang gumamit ng kuryente. Iba-iba ang sistema ng tubig sa bawat bahay na tinitirahan kaya dapat tanungin ang may-ari ng paupahan tungkol dito.

Kailangan ding magsumite ng Moving-in Notification sa tanggapan ng munisipyo sa bagong tirahan ninyo sa loob ng 14 na araw. Kung miyembro ng National Health Insurance, mag-aplay ulit sa munisipyo ng inyong bagong tirahan pagkatapos ipaalam ang paglipat sa bagong tirahan.

Kung may lisensiya sa pagmamaneho, ipabago ang inyong adres sa istasyon ng pulis.

### **3. Pag-alis sa Bansang Hapon**

- (1) Bayaran ang lahat ng utang kaugnay sa inuupahang tirahan gaya ng paggamit sa gas, kuryente, tubig at telepono.
- (2) Kung ikaw ay aalis ng bansang Hapon sa kalagitnaan ng taon, kailangan ding bayaran muna ang lahat ng iyong buwis. Bayaran ang Resident tax ng buo para sa kabuuan ng taon sa inyong munisipyo. Ang mga lokal na buwis ay tinutuos base sa nakaraang taong kinita kaya kailangan pa rin itong bayaran ng buo kahit hindi ka na titira sa bansang Hapon.
- (3) Maaaring may bumalik sa ibinayad na buwis kung mag-file ng ITR (Income Tax Return) sa nangangasiwa sa pagbabayad ng buwis sa loob ng panahong itinakda ng pagpa-file ng final Income Tax Return. Maaari ring pansamantalang mag-file ng ITR para ayusin ang pagbabayad o pagbabalik ng buwis bago ka umalis.
- (4) Magbigay ng Notification of Moving-out abroad (pag-alis sa ibang bansa) sa tanggapan ng munisipyo.
- (5) Makipag-ugnayan sa munisipyo para ayusin ang mga bayarin sa National Health Insurance at ang proseso bago umuwi ng inyong bansa.
- (6) Kung nagbabayad ka ng pensiyon, maaaring kang makatanggap ng pera matapos makauwi sa inyong bansa. Asikasuhin ang mga papeles para rito sa inyong pinagtatrabahuhan o tanggapan ng Pension Office.
- (7) Sa oras ng pag-alis sa bansang Hapon, ibigay ang Resident card sa Immigration.

[Return to Top](#)



### **III-3 Tubig o Water Supply (*Suidoh*)**

Naiinom ang tubig na galing sa gripo sa Japan, pati sa Osaka Prefecture. Matapos makalipat, agad na mag-apply para magamit ang tubig sa inyong bahay.

#### **1. Pagpapakabit ng Tubig**

Karaniwa'y may kard na nakalagay o nakasabit sa inyong pintuan para sa pagpapakabit ng tubig. Tumawag sa Waterworks Department (Bureau) at sabihin ang numerong nakasulat sa kard. Matapos tumawag ay may magpupuntang empleyado ng kumpanya ng tubig para buksan ang tubig. Pinakamatagal na ang 4 na araw mula sa araw ng pagtawag hanggang sa mabuksan ang tubig, kaya't makabubuting mag-aplay nang maaga. Sa mga umuupa sa mga condominium o apartments, ang mag-aasikaso ng pagbabayad ng tubig ay maaaring hindi ang umuupa kundi ang may-ari o ang tagapangasiwa ng building.

#### **2. Bayad sa Tubig**

Ang bayad sa tubig ay binubuo ng basic fee at ng halaga ng nagamit (dami) na tubig. Ang bill ay kadalasang pinapadala isang beses kada dalawang buwan sa pamamagitan ng koreo. Magkasamang kukuwentahin ang bill para sa dalawang buwan. Maaaring bayaran sa tanggapan ng munisipyo, diretsong pagbawas sa bank account mo, pagbayad sa bangko, post office o convenience store (depende sa munispyong kinabibilangan). Dapat tandaan na ang hindi pagbayad ng tubig ay maaaring ikaputol o ikahinto ng serbisyo nito.

Kung mayroong imburnal sa inyong lugar, kasama din sa kuwenta ang bayad para sa paggamit nito. Sa mga apartment o kondominyum, karaniwan ay ang samahang administrasyon o may-ari ng gusali ang magkuwenta at hihingi bayad.

#### **3. Dapat Tandaan sa Taglamig**

Sa malamig na araw sa panahon ng taglamig ay maaaring magyelo ang tubo ng tubig at ikasira nito. Ang pagpapatulo ng tubig sa gabi ay isa sa mga hakbang na dapat gawin.

[Return to Top](#)

### III-4 Kuryente o Elektrisidad

#### 1. Elektrisidad sa Bansang Hapon

Ang boltahe ng kuryente sa bansang Hapon ay 100 Volts at hindi nagbabago-bago. Ang frequency naman ay depende sa lugar, may 50Hz (Silangang Japan) at mayroon ding 60 Hz (Kanlurang Japan). Ang frequency sa Osaka ay 60 Hz.

Kinakailangang mag-ingat kung ikaw ay gagamit ng kagamitang de-kuyente na galing sa ibang bansa sapagkat maaaring makasama ito at tuluyang masira ang inyong kagamitan kung hindi magkatugma ang boltahe at frequency.

#### 2. Pagpapakabit ng Kuryente

Sa pagpapakabit ng panibagong serbisyo ng kuryente o elektrisidad, pangkaraniwang tawagan ang pinakamalapit na customer service ng Kansai Electric Power Company (*Kansai Denryoku*) matapos buksan ang switch ng mainbreaker. Ang mainbreaker ay pangkaraniwang nakakabit sa pasukan o kusina ng bahay o kaya'y nasa electrical box (isang kahong nakasabit sa dingding at lahat na safety breaker ang naroroon). May nakadikit o nakasamang papel at nakasulat dito kung saan puwedeng matawagan ang Kansai Electric Power Company (*Kansai Denryoku*). Ang pagpapakabit ng kuryente ay maaaring itawag o kaya ay mag-aplay sa pamamagitan ng postcard na may nakasulat kung saan puwedeng matawagan ang Kansai Electric Power Company (*Kansai Denryoku*).

#### 3. Pagbabayad

Ipapadala ang buwanang kuwenta o bill ayon sa inabot ng metro o kontador, at ito ay maaaring bayaran sa pinakamalapit na branch ng Kansai Electric Power Company (*Kansai Denryoku*), bangko o post office, at maaari rin sa mga convenience stores. Maaari ring kaltasin sa inyong savings account sa bangko o post office.

#### 4. Notisya na nagsasaad ng ginamit na kuryente

The image shows a utility bill from Kansai Electric Power Company. The bill is divided into several sections, each with a callout box in Filipino explaining its content:

- Mga numero para malaman kung saan nagmumula ang pinagkukunan ng gas**: Points to the top header area.
- Klase ng Kontrata Billing ng kuryente**: Points to the contract type information.
- Pagkumpara ng nakonsumong gas noong nakaraang taon sa parehong buwan sa taong ito**: Points to the comparison of gas usage between the current and previous months.
- Araw ng pagbayad sa Banko**: Points to the payment date information.
- Palugit ng pagbayad ng Kuryente**: Points to the bill amount.
- Mga detalye ng halaga ng pinagmulan ng nakonsumong kuryente.**: Points to the breakdown of electricity usage by category.
- Ang pagsasalansan sa gastos ng kuryente noong nakaraang buwan at sa buwan ngayon**: Points to the current month's electricity charges.
- Nakonsumo noong nakaraang buwan**: Points to the usage for the previous month.
- Halaga ng presyong nakonsumong kuryente noong nakalipas na buwan**: Points to the price per kWh for the previous month.
- Kansai Electric Power Company's Office numero ng telepono.**: Points to the company's contact information.
- Numero ng Konsumer**: Points to the consumer's ID number.
- Pagitan sa isang sa buwang ng paggamit ng kuryente**: Points to the meter number.
- Bilang ng dami nakonsumong kuryente sa buwan na ito**: Points to the current month's electricity usage (300kWh).
- Ang Halaga ng nakonsumong Kuryente sa buwan na ito**: Points to the current month's electricity bill amount (0,000 yen).
- Nakahataw na buwis sa patuloy o pag-ulit sa paggamit ng enerhiya (kada-taon)**: Points to the annual electricity tax.
- Petsa sa susunod ng buwan sa pagbasa sa kontador ng kuryente**: Points to the date for the next meter reading.

※Kung irerehistro ang e-mail address mo, may serbisyonng puwede mong malaman kung magkano ang babayaran mo at kung gaano karaming kuryente ang ginagamit mo.

Courtesy: Kansai Electric Power Co., Inc.  
[Return to Top](#)

## III-5 Gas

### 1. Mga Uri ng Gas

Mayroong dalawang uri ng gas sa bansang Hapon: ang city gas o *toshi-gas* ay ipinapadala sa pamamagitan ng pagpapadaan sa tubo samantalang ang propane gas ay karaniwang nasa tangke at ginagamit sa bawat bahay. Iba-iba ang kagamitang de-gas depende sa uri ng gas na gagamitin. Delikado ang paggamit ng kagamitang de-gas na hindi naaayon sa uri. Tiyakin ang uri ng gas na ginagamit sa bahay sa pamamagitan ng pagtatanong sa nagpapa-upa o may-ari ng bahay at sa mangangalakal o dealer ng gas.

#### (1) City Gas

Ang metro ng city gas ay matatagpuan sa labas ng bahay. Kung nais magpakabit ng bagong serbisyo, tawagan lamang ang numerong nakasulat sa metro. Itatanong sa inyo ang inyong address, pangalan, petsang gusto ninyong umpisahan ang serbisyo, kung anong oras puwede kayong dalawin at iba pa. Magpupunta ang tauhan ng kumpanya ng gas para buksan ang linya ng gas. Kailangang nasa bahay kayo sa oras ng pagbubukas.

#### (2) Propane Gas

Sa mga lugar na gumagamit ng propane gas, tulad din ng city gas, may nakasabit sa metro na etiketa o tag na kung saan nakasulat ang numero na puwedeng tawagan. Tawagan lamang itong numero sa pag-aaplay ng serbisyo ng propane gas. Ang propane gas ay dadalhin sa inyo na nakatangke. Alalahanin na ang mga kagamitang de-gas para sa city gas ay hindi maaaring gamitin sa propane gas.

### 2. Tagas o Singaw ng Gas

Kapag may tagas o singaw ng gas, ito ay mangangamoy. Kung may tagas o singaw ng gas, agad isara ang valve ng gas at tawagan ang gas company.

**Sa tagas o singaw ng city gas ay tumawag sa:  
(Sa wikang-Hapon lamang Gas leak hotline ng Osaka Gas)**

Sa loob ng OSAKA City : 0120-0-19424  
SOUTH AREA ng Osaka : 0120-3-19424  
NORTHEAST AREA ng Osaka :0120-5-19424

### 3. Notisya na Nagsasaad ng Dami ng Ginamit na Gas at Resibo.

(Kung magbabayad sa pagkaltas mula sa sariling bank account)

**大阪ガス ご使用量のお知らせ**

大阪 太郎 様

**1** 10

ご使用番号 12-34-567-89-0120  
ガス供給地点特定番号 12345678901234567

ご使用期間(日数) 11月 6日～12月 6日(31日間)  
 今回検針日 12月 6日  
 次回検針予定日 1月 8日

**2** **2021年 12月分**

**3** **請求予定金額 8,379円**

ガス料金	5,709円
内 (内ガス料金分消費税 519円)	
・基本料金	1,364円81銭
・従量料金(①×②)	4,344円65銭
外 らく得保証・住ミか(1件、税込)	1,518円
警報器・消火器リース(1件、税込)	547円
ミビロ・カビ・コ・MM・タイ B(1件、税込)	605円

**4** ご契約 一般

**7** **口座振替予定日 12月16日**

振替ができなかった場合、12月27日に再振替いたします。  
 13A 45 MJ (10,750 キロカロリー) 検針員/材カバロ

**10** ■お手続きはネットがオススメ!

お引越しや口座振替・クレジットカード払い等の  
 お手続きはネットがオススメ! 昼でも夜でも  
 待ち時間無くご利用いただけます。

抽選でプレゼントが当たる  
 キャンペーンも実施中! **大阪ガス** **検索**

電話でのお問合せ等(月～土/9～19時、日祝/9～17時)  
 ガス料金等に関して

お客さまセンター 0120-0-94817  
 お引越しのお手続き等  
 テストガスセンター 0120-12-3456  
 06-1234-5678

過去の料金・使用量確認は  
 マイ大阪ガスで!ポイントが  
 共通ポイントにも交換できる

**大阪ガス 口座振替済領収証**

大阪 太郎 様

ご使用番号 12-34-567-89-0120

**8** **2021年 11月分**

ご使用期間(日数) 10月7日～11月5日(30日間)  
 検針日 11月 5日  
 検針量 31m<sup>3</sup>  
 前月適用単位数 B) 137.39円/m<sup>3</sup>

**5** **金額 8,293円**

ガス料金	5,623円
内ガス料金分消費税	511円
外 らく得保証・住ミか(1件、税込)	1,518円
警報器・消火器リース(1件、税込)	547円
ミビロ・カビ・コ・MM・タイ B(1件、税込)	605円

**6** 上記金額を11月17日に口座振替により領収させて  
 いただきました。ありがとうございました。

大阪ガス株式会社  
 お客さまセンター  
 0120-0-94817  
 ©本証により弊社の係員が  
 集金することはございません。

印紙税申告納  
 付につき東  
 税務署承認済

- ① Numero ng Kustomer
- ② Petsa ng panahon ng paggamit
- ③ Halaga ng pag-singil
- ④ Uri o Detalye ng Kontrata
- ⑤ Pumatak sa metro noong nakaraang buwan at ngayon buwan
- ⑥ Ang presyo kasalukuyang buwan ay naaayon sa dami ng nagamit sa nakalapat sa unit
- ⑦ Petsa sa pagbayad sa banko
- ⑧ Resibo ng banko sa pagbayad ng gas
- ⑩ Tiyak na numero para sa naka-pwesto suplay gas

Pakikipagtulungan: Osaka Gas Co., Ltd.

[Return to Top](#)

## III-6 Basura

### 1. Pagtatapon ng Basura

Pinapatupad ang sistema ng pagbubukod-bukod ng basura upang mabawasan ang ito at upang maitaguyod ang recycling.

#### Paghiwalay ng basura:

- Nasusunog
- Hindi nasusunog
- Diyaryo, Magasin, Lata, at pet bottle

Ang hindi pagtupad sa mga alituntunin at tamang paraan ng pagtatapon ng basura ay nagiging simula ng gulo o away ng mga magkakapitbahay.

#### Ang mga hindi dapat gawin:

- (1) Pagtatapon ng basura sa hindi takdang araw
- (2) Pagtatapon ng basura sa hindi takdang lugar
- (3) Hindi paghihiwalay ng basura ayon sa uri

Alalahanin na ang sistemang ito at alituntunin ng pagtatapon ng basura ay magkakaiba ayon sa lugar o munisipyo. Maaari itong itanong sa kapitbahay o sa inyong munisipisyo. Mayroon ding munisipyong nagbibigay ng bilin sa iba't ibang wika.

### 2. Pagtatapon ng Iba pang uri ng Basura

#### (1) Baterya, Bote at Iba pang Uri ng Basura

Ang baterya ay may halong nakakalason o delikadong materiyal kaya't kinakailangan ng ispesyal na paraan sa pagtatapon nito. Dahil dito, bumalik sa pinagbilhan nitong tindahan at ilagay sa kahon ng gamit na baterya. Ang mga bote ng beer, juice atbp. ay maaring may deposito kaya magtanong sa pinagbilhan ninyong tindahan. Tanungin ang tindahan tungkol dito.

#### (2) Plastik na Lalagyan o Pambalot

Lalagyan o pambalot ng anuman bagay na gawang plastik, at mga pet bottles ay itatapon sa takdang araw para dito.

#### (3) Mga Malalaking Basura

Ang mga kasangkapan o kagamitang de-koryenteng hindi na nagagamit o hindi na umaandar ay maaaring itapon sa takdang araw ng pagtatapon ng malalaking basurahan (Sodai-gomi), o kaya naman ay maaaring ihiling na ipakuha na lamang. Depende sa munisipyo, may mga lugar na may bayad ang ganitong sistema.

#### (4) Air-Conditioner, TV, Refrigerator at Washing Machine

Sa pagtatapon ng mga kasangkapan tulad ng TV, refrigerator at washing machine, kinakailangang tumawag sa tindahang pinagbilhan (o sa pagbibilhan ng parehong uri ng kasangkapan), at ipakuha ang nasabing kasangkapan. May bayad ang ganitong serbisyo. Ang mga nasabing kasangkapan ay iri-recycle ng manufacturer nito. Hindi nangongolekta ang munisipyo o ang iba pang opisinang pampubliko

(Impormasyon) Household Appliances Recycle Law

[URL https://www.meti.go.jp/policy/it\\_policy/kaden\\_recycle/](https://www.meti.go.jp/policy/it_policy/kaden_recycle/) (Ingles at Chinese)

[Return to Top](#)

## III-7 Pang-araw-araw na Pamumuhay

### 1. Magandang Pag-uugali sa Pamumuhay Pakikisama sa Hapon

Isang mapupuna ninyo sa pamumuhay sa Hapon ay ang tuntunin ng magandang asal at lifestyle nila. Dahan-dahang sanayin ang sarili sa pamamagitan ng pang-araw-araw na pamumuhay.

3. Kapag may appointment, siguraduhing makakarating sa oras. Kung hindi makakarating sa oras o hindi na makakatuloy pa, siguraduhing masabihan ang iyong kausap ng maaga tungkol dito.
4. Ang pagbati ng mga Hapon ay niyuyuko ang ang ulo, kasama na rin ang kalahati ng katawan.
5. Kapag hindi gaanong kakilala ang isang tao, bastos ang magtatanong ng personal na katanungan (tulad ng trabaho, sweldo, tungkol sa pamilya atbp.).
6. Kapag nakikiusap sa mga Hapones, huwag maging “demanding” o agresibo dahil maiirita sila.

### Pakikisama sa kapitbahay

#### (1) Pagbati

Ang pagbati sa inyong kapitbahay ay mahalagang bagay. Ang madalas na pagbati ay nagiging simula ng maayos na komunikasyon. Bukod dito, ang palitan ng pagbati ay maaaring maging isang paraan para mapigilan ang krimen sa inyong lugar.

#### (2) Ingay

Sa siyudad, may mga taong sensitibo sa pang-araw-araw na ingay sa kanyang paligid. Baka wala rin silang pasensya sa ingay ng mga bata. Makabubuting mag-ingat na hindi makalikha ng ingay lalo na kung naninirahan sa komyunal tulad ng apartment. Karaniwan, pagsapit ng alas diyos ng gabi ay iwasang lumikha ng ingay na maaaring makaistorbo sa kapitbahay. Alalahanin din na mayroon mga tao na sa gabi ang trabaho at sa araw sila natutulog. Kahit na sa palagay mo na hindi malakas ang ingay, maaaring mas malakas itong pakinggan sa inyong kapitbahay dahil sa istraktura ng bahay o gusali. Kaya mag-ingat sa paggamit ng vacuum cleaner, washing machine, paglabas-pasok sa kuwarto, at sa pagbukas-sara ng pinto kapag hatinggabi.

Kung naaabala sa ingay sa komyunal na tirahan na inyong inuupahan, kumunsulta sa ahente ng nasabing tirahan. At kung naaabala naman sa ingay ng ibang bagay, maaaring kumunsulta sa puno ng samahan ng magkakapitbahay.

#### (3) Samahan ng mga magkakapitbahay (Jichikai o Chonakai)

Sa inyong lugar ay karaniwang may mga lokal na samahan ng mga magkakapitbahay tulad ng Jichikai na nagpapatupad ng mga iba't-ibang proyekto para sa pagpapaganda sa samahan sa isa't-isa, paglilinis, at pagpigil sa paglaganap ng krimen. Karaniwan nagkakaroon sila ng sama-sama upang sila'y maging malapit sa isa't-isa at naglilinis ng ilang pampublikong lugar.

Hindi sapilitan ang pagsali sa Jichikai subalit may mga pakinabang ang pagsali dito, katulad ng mga pagkuha ng mga impormasyon ukol sa pamamahala ng inyong munisipyo at iba pa. Bukod dito, ang pagkilala ng inyong mga kapitbahay ay maaaring makatulong sa pagpigil sa paglaganap ng krimen. Makabubuting sumali o maging bahagi ng Jichikai hangga't maaari.

#### (4) Pagpapalibot ng Balita (Kairan-ban)

Ang mga miyembro ng Jichikai ay makakatanggap ng inililipot na balita (kairanban), impormasyon na galing sa munisipyo. Karaniwan sa impormasyong ito'y nakasulat sa papel na nakaipit sa clipboard. Ito'y ihahatid sa iyo ng inyong kapitbahay. Basahin at tatakan ng hanko o pirmahan at pagkatapos ay ihahatid ito sa susunod na kapitbahay. Makabubuting itanong sa taong nagbigay sa iyo kung sino ang susunod o kanino dapat iabot.

#### (5) Paglilinis

Depende sa pook o lugar na inyong tinitirahan, may itinakdang araw para sa paglilinis ng paligid ng bahay, kalye, parke o palaruan at iba pa. Sa araw na ito, isa o mahigit pa mula sa miyembro ng bawat pamilya ang makikisama sa paglilinis at sa pagbubunot ng damo. Para sa pagtataguyod ng magandang samahan bilang magkakapitbahay, mabutihing makisama sa paglilinis dahil makikilala ang mga naninirahan o residente na bihira mong makita dahil sa trabaho.

## 2. Pamimili

Sa panahon ngayon, hindi lang sa tindahan ka puwedeng mamili ng simpleng bagay o serbisyo at makipagkontrata, pero pwede na rin online. Bilang isang konsumer, may mga pagkakataon tayong makipagkontrata para sa cellphone o internet, bumili ng kotse gamit ang hiram na pera, o makipag-kontrata para mangupahan, atbp. Dahil magkaiba ang mga pagnenegosyo sa sariling bansa at sa bansang Hapon o dahil hindi maintindihan ang wika, may mga pagkakataong

magkaroon ng problema kapag namimili o nakikipagkontrata. Kapag nangyari iyon, puwedeng kumunsulta sa pinakamalapit na consumer center. Ang consumer center ay sumasagot ng mga tanong o tumatanggap ng konsultasyon tungkol sa isang bilihan or serbisyo mula sa mga konsumer nang libre.

URL [https://www.kokusen.go.jp/map/ncac\\_map27.html](https://www.kokusen.go.jp/map/ncac_map27.html)

[Return to Top](#)

### **III-8 Kapag may Problema sa Pamumuhay**

Para sa mga nahihirapan sa pamumuhay, mayroong sumusunod na mga sistema. Maaaring sumangguni sa mga Welfare Counter ng munisipyo. (Pahina ng Apendise IX-1)

#### **(1) Welfare Commissioner (Minsei-lin), Children's Welfare Commissioner (Jidou-lin)**

Ang mga miyembro ng komite na ito ay nagbibigay ng konsultasyon sa mga taong nahihirapang maghanap ng trabaho, mga matatandang hindi kayang mamuhay mag-isa, mga matatandang may sakit at bedridden, mga single parent na bumubuhay ng pamilya at ang may kapansanan (handicap). Sila rin ay nakikipagtulungan sa mga Welfare Offices at iba't-ibang organisasyon ng gobyerno. Bukod dito ay nagsasagawa rin sila ng counseling at payo patungkol a mga bata.

#### **(2) Welfare Benefits (Seikatsu-Hogo)**

Kapag nakakaranas pa rin ng kahirapan sa buhay kahit na may sapat na ari-arian, abilidad o kakayahan at tulong sa mga kaanak, makipag-ugnayan lamang sa Protection Division (hogo-ka) ng inyong munisipyo. Layunin ng dibisyon na ito na magbigay ng tulong o proteksiyon ayon sa antas ng kahirapan.

#### **(3) Pagpapautang ng panggastos sa pang araw-araw na pamumuhay**

Para sa mga nangangailangang pamilya, may pondo para sa kapakanan ng kabuhayan (*Seikatsu Fukushi Shikin*) at pondo para sa matinding pangangailangan (*Kinkyuu Enjo Shikin*).

[Return to Top](#)




## IV Sistema ng Pamamahala para sa panirahan, Sistema ng Saligan Residente para sapag paparehistro ng Kasal at Diborsyo

### IV-1 Residence Card

Ang Residence Card ay ibinibigay sa mga dayuhang binigyan ng kwalipikasyon sa ilalim ng batas ng imigrasyon na manirahan sa bansang Hapon nang matagalang na panahon (mid- to long-term). Ang mga sumusunod ay hindi nasasakop sa “Mid to long term Residents” at hindi binibigyan ng Residence Card.

- 1 Ang mga nabigyan ng resident status na 3 buwan o mas maikli
- 2 Ang mga nabigyan ng “Temporary Visitor” status
- 3 Ang mga nabigyan ng “Diplomat” o “Official” status
- 4 Ang mga napasiyahan ng Ministry of Justice na tulad ng mga dayuhan sa ①~③
- 5 Ang mga special permanent resident
- 6 Ang mga walang status of residence


#### 1. Pagbigay ng Residence Card



Ibibigay ang Residence Card sa pagpasok sa bansa, sa oras na makakuha ng pahintulot na mapalitan ang uri ng status of residence o kaya kapag nagpa-renew ng visa.

Dapat laging dalhin ang Residence Card. Kailangang ipakita ang Residence Card kapag hiniling ito ng pulis atbp. Ngunit, hindi kinakailangan ng wala pang 16 na taong gulang pababa dalhin ang Residence Card.

## 2. Proceso sa Munisipyo




Ang Residence Card ay ibinigay sa Kansai, Narita, Haneda, Chubu Airport, Shin-Chitose Airport, Hiroshima Airport, at Fukuoka Airport kapag napahintuluang maging Mid to long term Resident sa pagpasok sa bansa . Kapag papasok sa ibang airport o seaport, ipapadala ang Residence Card sa inyo pagkatapos na iparehistro ang tirahan ninyo sa munisipyo.

Nakalagay sa Residence Card ang Litrato (mukha lamang), pangalan, nasyonalidad / lugar, petsa ng kapanganakan, kasarian, tirahan, status of residence, panahon ng pananatili, kung may limitasyon sa pagtrabaho o wala, ang pahintulot na ibinigay upang makapagtrabaho ng labas sa pinapayagan sa uri ng status of residence kung nakakuha ng pahintulot. Sa proseso ukol sa tirahan, iparehistro sa tanggapan ng munisipyo.

Kapag lilipat sa bagong munisipyo, ibigay muna ang Moving-out Notification sa dating munisipyo at ibigay ang Moving-in Notification sa bagong munisipyo sa loob ng 14 araw pagkatapos ng paglipat sa bagong tirahan. Kapag nagbigay ng Moving-in at Moving-out Notification kasabay ang Residence Card, hindi kailangang iparehistro ang pagbabago ng tirahan sa immigration office.

### 3. Proseso sa Lokal na Immigration Office



#### (1) Pagrehistro ng Pagbabago

Kapag babaguhin ang pangalan, nasyonalidad / lugar, kaarawan, kasarian na nakalagay sa Residence Card, mag-aplay sa immigration office sa loob ng 14 araw. Sa ganitong sitwasyon, ibibigay ang bagong Residence Card. Kung ikaw ay nagkaroon ng status of residence upang magtrabaho katulad ng “Engineer/Specialist in Humanities/International Services” o upang mag-aral katulad ng “Student” at magbabago ang pinapasukan (opisiyo, eskuwelahan atbp), iparehistro ang pagbabago sa imigrasyon o ipadala sa Tokyo Regional Immigration Bureau sa loob ng 14 araw (\*). Kung ikaw ay may status of residence katulad ng “Dependent” o “Spouse or Child of Japanese National” at namatayan ka o nagdeborsyo ng asawa, iparehistro ang pagbabago sa loob ng 14 araw ng katulad.

(\*) Ipadala sa: Todokede uketsuke tantou, Zairyuu kanri jouhou bumon, Tokyo Regional Immigration Bureau, 5-5-30 Kounan, Minato-ku, Tokyo, 108-8255

URL <https://www.ens-immi.moj.go.jp/NA01/NAA01S/NAA01STransfer>

#### (2) Muling Pagbigay ng Residence Card

Kapag nawala o ninakaw ang Residence Card atbp., dalhin ang certification na nagawa ng pulis o fire station at mag-aplay ng bago sa loob ng 14 araw sa imigrasyon.

#### (3) Pag-renew ng Residence Card ng Permanent Resident atbp

Pwedeng mag-renew ng Residence Card ang mga permanent resident na 16 na taong gulang o pataas at ang may visa na Highly Skilled Workers #2 2 buwanbago mag-expire ito, at kung mag-eexpire ito sa ika-16 na kaarawan ng residente, pwedeng mag-aplay 6 na buwan bago sa araw magiging 16 na taong gulang. Ang Residence Card ng mga mid-term to long residents na hindi permanent resident at 16 na taong gulang o mas matanda ay balido hanggang sa huling araw ng kanilang visa.

#### 4. Rehistro ng mga Dayuhang Mamamayan

Inililista rin ang mga dayuhan sa rehistro ng mga mamamayan. Nakalagay sa Certificate of Residence ang pangalan, petsa ng kapanganakan, kasarian, tirahan, pangalan ng may-ari ng bahay, at gayundin ang nasyonalidad / lugar, status of residence, panahon ng pananatili atbp. Hindi nakalagay ang palayaw sa Residence Card ngunit may lugar sa Certificate of Residence kung saan pwedeng ilagay ang palayaw. Ibinibigay ang “kopya ng Certificate of Residence (o “Certificate of Items Stated in Resident Register”).

Ang Certificate of Residence ay ibibigay lang para sa mga dayuhang legal na nakatira sa bansang Hapon na mahigit sa 3 buwan, pwersa ang Temporary Visitor katulad ng Tourist. Magagawan ng Certificate of Residence ang mga sumusunod na tao katulad ng mga mid-to-long term residents.

- 1 Ang mga mid-to-long term residents
- 2 Ang mga special permanent residents
- 3 Ang mga refugee o mga pansamantalang nananatili
- 4 Ang mga naging residente dahil sa kapanganakan o dahil sa pagkawala ng nasyonalidad

Kapag nagsilang ng sanggol na hindi Hapon, iparehistro ang Notisya ng Panganganak sa loob ng 14 araw mula sa araw ng pagsilang. Pagkatapos nito, magagawan ng Certificate of Residence sa munisipyong tinitirahan ninyo bilang “residente dahil sa kapanganakan”. Kapag nananatili pa sa bansang Hapon lampas ng 60 araw na panahon ng pagiging residente, mag-aplay ng pagkuha ng status of residence sa immigration office sa loob ng 30 araw mula sa araw ng pagsilang. Kung matatanggap ng pahintulot na kumuha ng status of residence at magiging mid-to-long term resident, magbibigay ng Residence Card ang immigration office.

#### 5. Sistema ng My Number

Dito sa Japan ang National Identity Card ( My Number ) ay isang random na nabuong natatangi at permanenteng 12- digit na numero. Ang lahat na taong naka-tala ang residente dito sa Japan ay lahat binibigyan ng National Identity Card ( My Number). Ang numero ng pagkakakilanlan ay ituturing bilang natatanging numero ng pagkakakilanlan ng mamamayan sa habang buhay. Ito ay may iba’t-ibang pamamaraan na may kaugnayan sa larangan ng Panlipunang Seguridad, mga Buwis, at mga hakbang sa Sakuna sa bansang Hapon. Ang mga baguhang naninirahan dito sa Hapon, humigit – kumulang 2 hanggang 3 linggo pagkatapos mairehistro sa rehistro ng residente , kinakailangang padadalhan nang abiso ng Indibidwal na numero na ihahatid sa rehistradong address. Gayunpaman, ang mga wala pang 16 taong gulang ay hindi kailangang dalhin ang kanilang residence card sa lahat na oras. Darating ang abiso ng iyong personal na numero kard sa pamamagitan ng rehistradong koreo. Ito ay isang dokumentong ginagamit upang mag-aplay para sa pagpapalabas ng Personal Number Card ( My Number Card), nagsisilbing opisyal na Kard ng pagkakakilanlan. Maaari ka ring mag-apply online mula sa iyong smartphone o computer. Sobre para sa pagpapadala ng application form para sapag-isyu ng Indibidwal na numero ng kard. At pwede rin gumamit ng ID photo machine sa pag-aasikaso ng aplikasyon. Kung ang iyong address o pangalan sa iyong residence card ay nagbago, dapat ay mayroon kang bagong impormasyon na nakasulat sa iyong My Number card na tala galing sa inyong opisina ng municipal sa loob ng 14 na araw.

Ang personal na numero (My Number) ay labing-dalawang numero na binibigay sa sinumang may Residence Certificate sa bansang Hapon. Magkaiba ang My Number ng bawat tao at ginagamit ito habambuhay sa pamantayan. Ginagamit ito sa larangan ng panlipunang seguridad, buwis, at disaster counter measure. Pagkatapos magawan ng bagong Residence Certificate, pagakatapos ng 2 o 3 linggo, may darating na registered mail na naglalaman ng My Number Notification Card (“Notification Card”) sa tirahan na nirehistro sa Residence Certificate. Puwede ring magpagawa ng “My Number Card” ang may gusto nito. Kapag nagbago ang tirahan o pangalan na nakalagay sa “Notification Card” (papel at walang litrato) o “My Number Card” (IC Card, may litrato), kailangang pumunta sa munisipyo sa loob ng 14 na araw pagkatapos ng pagbabago at baguhin ang nakasulat. Kapag nagbago rin ang tagal ng visa mo pagkatapos mong i-renew ito atbp, kailangan ding baguhin ang panahon ng expiration ng My Number Card mo. Pwede mong ipabago ang expiration ng My Number Card mo mula 3 buwan bago sa petsa ng expiration na nakalagay sa card.

\* Para sa mga katanungan sa Notification Card, My Number Card, pansamantalang pagpapa-kansel ng My Number dahil sa pagkawala o pagnakaw ng Notification Card o My Number Card

☎0120-0178-27

Kung hindi makakontak sa nabanggit na telepono nayan .Maari rin po kayong tumawag sa ☎0570-064-738 na may bayad

Sa Number Free Hotline ( May wikang Ingles, Chinese, Koreyano, Espanyol, Portuges ) na pwedeng makontak sa 24 hrs.

Sa wikang Thai,Nepal at Indonesia 9:00-18:00

Sa wikang Vietnam at Tagalog 10:00-19:00

\* Para sa mga katanungan sa Sistema ng My Number at Mynportal

☎0120-0178-26

(Para sa wika sa Ingles, Chinese, Spain at Portugese )

tumutugon ito mula

Lunes hanggang Biyernes 9:30 am – 20:00 pm)

Sa Sabado,Linggo at Holiday 9:30 – 17:30 lamang

URL <https://www.digital.go.jp/policies/mynumber/>

[Return to Top](#)

## IV-2 Proseso sa Pagtira sa Bansang Hapon

### 1. Re-entry Permit (Kung pansamantalang lalabas ng bansang Hapon)

Kung pansamantalang lalabas ng bansang Hapon na may balidong visa, maaaring kumuha ng permiso sa muling pagpasok sa bansang Hapon (Re-entry Permit) upang muling makabalik o makapasok. Ito ay maaaring magamit sa loob ng hanggang 5 taon (ngunit hindi maaaring lumampas sa panahon ng iyong visa). Ito ay may dalawang klase, maaaring permiso para sa isang beses lamang na muling pagpasok (single re-entry permit) at permiso para sa maraming beses na muling pagpasok (multiple re-entry permit). Para sa may Temporary Visitor Visa, hindi sila makakakuha ng re-entry permit. Ang mga sumusunod ay ang mga kakailanganing papeles:

1. **Aplikasyon para sa Re-entry Permit** - para sa muling pagpasok sa bansang Hapon (Makakakuha nito sa Reentry counter ng immigration office.)
2. **Residence Card** (⇒ IV-1)
3. **Pasaporte**
4. **Revenue stamp** (Syuunyu Inshi) na nagkakahalagang 3,000 yen (permiso para sa isang beses - single) o 6,000 yen (permiso para sa maraming beses - multiple)

Ang “Re-entry Permit” ay karaniwang nakukuha agad sa araw na pinag-aplayan. Maaaring mag-aplay sa Osaka Regional Immigration Bureau.

Nag-umpisa ang sistema ng “Special Re-entry Permit”. Kaya’t hindi na kailangang mag-aplay ng Re-entry Permit ang mga dayuhan na may balidong pasaporte at Residence Card kapag balak na bumalik sa bansa sa loob ng 1 taon upang gawin ang parehong aktibidades. Kung ginagamit ang sistemang ito, kailangang ipakita ang Residence Card kapag umalis.

### 2. Ekstensyon ng Visa

Ang permisong ibinigay sa iyo para manatili dito sa bansang Hapon ay may hangganan. Kung nais ipagpatuloy o pahabain ang panahon ng pananatili, kinakailangang mag-aplay at makakuha ng permiso. Ang pag-aaplay sa permisong ito ay maaaring gawin sa loob ng 3 buwan bago matapos ang bisa. Ang mga sumusunod ay ang mga kakailanganing papeles:

1. Application form (makakakuha nito sa Regional Immigration Bureau)
2. Pasaporte
3. Residence Card (Alien Registration Card na nagsisilbing Resident Card)
4. Dokumento o papeles na magpapatunay sa iyong mga naging aktibidades (activities/itinerary) at mga magiging aktibidades sa iyong pananatili. (Makabubuting sumangguni sa Alien Residency Comprehensive Information Center ukol sa mga papeles na dapat ihanda dahil naiiba ang mga ito ayon sa istado ng bisa. Maaari ding malaman ang mga kaukulang impormasyon sa homepage ng Immigration Services Agency of Japan.
5. ID Picture

Malalaman lamang kung ikaw ay maaaring bigyan ng permiso o hindi, matapos suriin ang mga papeles na ipinasa sa Imigrasyon. Sa pag-aaplay, lalagyan ang likod ng Residence Card na may nakasulat na “kasalukuyang nag-aaplay ng permiso”. Kapag pumasa, sa kaso ng mid-to-long term resident, ibibigay ang Resident.

### 3. Pagbabago ng Status of Residence

Kung ang kasalukuyang ipinagkaloob sa iyong status of residence ay hindi angkop sa iyong mga gawain at gusto mong palitan ito, maaaring mag-aplay ng pagbabago ng status of residence. Kahit hindi na lumabas pa ng bansang Hapon ay may sistemang maaaring baguhin ito. Mangyari lamang na magkaroon ng sapat na panahon sa pag-aaplay bago pa man mag-expire ang visa ninyo.

Ang mga dokumentong kailangang isumite para sa change of status of residence ay maaaring iba kaysa sa mga dating ibinibigay na dokumento. Mangyari lamang na humingi ng kaukulang impormasyon hinggil dito sa Alien

Residency Comprehensive Information. Maaari ding malaman ang mga kaukulang impormasyon sa homepage ng Immigration Bureau.

URL <https://www.moj.go.jp/isa/applications/procedures/16-2.html>

#### **4. Permisong sa mga Gawaing Hindi Saklaw sa Ipinagkaloob na Visa**

Kung ikaw ay walang pahintulot na magtrabaho na hindi ayon sa inyong visa, ito ay tinuturing na ilegal na pagtatrabaho. Halimbawa, ang mga dayuhang estudyante na mag pa part-time job ay kailangang humingi ng permisong bago sila mag simulang mag part-time job. Mangyari lamang na humingi muna ng permisong sa immigration office.


Ang mga bagong pumasok ng bansa at nabigyan ng status of residence na “Student” (ngunit ang mga nabigyan ng panahon ng pananatili mahigit sa “3 buwan” lamang) ay pwedeng mag-aplay ng “pahintulot para sa gawaing hindi sakop sa ipagkaloob na permisong” sa seaport o airport sa pagpasok sa bansa.

Mga Kailangang Dokumentong:

- Application form para sa pahintulot para sa gawaing hindi sakop sa ipagkaloob na permisong (bisa).
- Residence Card
- Pasaporte
- Dokumentong malinaw na nagsasaad at magpapatunay ng layon at gagawin.

[Return to Top](#)

### IV-3 Pagpapakasal o Pag-aasawa





## 1. Pagpapakasal ng Dayuhan sa Isang Hapones

Kapag magpapakasal ang kapwa Hapon ay ipinagbibigay alam ito sa munisipyong kanilang kinabibilangan. Kailangan lamang ang pagtupad ng isang mamamayang Hapon ng mga kundisyon sa pagpapakasal na nakasaad sa batas ng bansang Hapon. Nararapat ding sundin ng mga dayuhan ang mga kundisyon ng pagpapakasal ayon sa batas ng sariling bansa. Ang mga sumusunod ay ang mga kakailanganing papeles:

1. Pasaporte
2. Sertipiko ng Kakayahan sa Pagpapakasal (Kon-in Yoken Gubi Shomeisho) o isang dokumentong katumbas nito na inisyu ng Embahada o Konsulado ng inyong bansa. (Kung hindi nakasulat sa wikang-Hapon ay kinakailangang isama ang sertipiko na isinalin sa wikang Hapon at nakasulat dito ang pangalan, tirahan, at may tatak o hanko ng tagapagsalin.)
3. Pagpaparehistro ng Pag-aasawa o Kon-intodoke (Makakakuha nito sa mga tanggapan ng munisipyo. Kinakailangan ang pirma o hanko ng dalawang tao na may edad na mahigit 20 taong gulang bilang mga saksi. Sa pagpapasa o pagsasabmit kinakailangang nakasulat sa wikang-Hapon ang mga hinihinging impormasyon.)
4. Kopya o buod ng family register (Koseki) ng magiging asawa (Hapon/Haponesa)

Kung ang pagpapakasal sa bansang Hapon ay kinilala at may bisa, kinakailangang ipaalam ito at irehistro sa sariling bansa kung kaya't kinakailangang humingi ng katibayan ng pagpaparehistro sa munisipyo kung saan nagpatala (Kon-in Todoke Juri Shoumeishou). May kaibahan ang mga kundisyon ng bawa't bansa sa pag proseso nito kung kaya't sumangguni sa Embahada o Konsulado ng inyong bansa (Apendise IX-5). Ang pagpapakasal sa bansang Hapon ay kinikilala at may bisa mula sa araw ng pagpaparehistro.

## 2. Pag-aasawa ng Dayuhan sa Kapwa Dayuhan sa Bansang Hapon

Ang magkasintahang parehong hindi Hapon ang nasyonalidad o bansang kinabibilangan ay maaaring makasal sa ilalim ng batas ng Hapon ayon sa mga itinakdang kondisyon. Gayon pa man, alalahanin na ang kasalang magaganap ay maaaring walang saysay sa kani-kanilang bansang kinabibilangan sa darating na panahon. Tungkol sa pag paparehistro ng kasal ay mangyari lamang na kumunsulta sa kani-kanilang embahada o konsulada gayundin sa tanggapan ng munisipyong inyong kinabibilangan. (Apendise IX-1, IX-5)

## 3. Ang Pagpapalit ng Visa

Sa pag-aasawa ng isang dayuhan sa isang mamamayang Hapon, may mga pagkakataon na maaaring hilingin ang pagpapalit o pagbabago ng istatus ng visa. Maging ang pag-aasawa rin ng kapwa dayuhan ay may pagkakataon rin na maaaring humiling ng pagpapalit o pagbabago ng istatus ng visa. Para sa detalye sumangguni sa Osaka Alien Residency Comprehensive Information Center (Apendise IX-2)

## 4. Pagbabago ng mga Impormasyon sa Residence Card

Kailangang ipagbigay-alam sa immigration office kapag magbabago ng pangalan dahil sa pag-aasawa o kailangang ipagbigay-alam sa munisipyo kung may binago sa tirahan (Apendise IX-1)

## 5. Mga Iba pang Pagbabago


Kapag nag-asawa, maaaring magkaroon ng mga pagbabago sa inyong buwis, pensiyon, health insurance at tinatanggap na sahod. Makipag-ugnayan lamang sa inyong pinapasukang kumpanya hinggil dit

[Return to Top](#)

## IV-4 Paghihiwalay o Diborsiyo

Ang proseso ng paghihiwalay o diborsiyo ay madalas komplikado. Dapat alalahanin na kahit napaghiwalay na kayo bilang mag-asawa ayon sa batas ng bansang Hapon, ito ay maaaring maging walang saysay o bisa sa inyong sariling bansa.

Ito ay pangkalahatang impormasyon para sa proseso ng pag-aaplay ng diborsiyo alinsunod sa batas ng bansang Hapon.



## **1. Kung Balak Magdiborsiyo:**

Kung alin man sa mag-asawa ay Hapones na naninirahan sa bansang Hapon, at pareho silang nagnanais na magkaroon ng diborsiyo, ang kanilang diborsiyo ay sasailalim sa batas ng bansang Hapon. Ang sistema ng “divorce by mutual consent” kung saan nagkasundo ang mag-asawa na magdiborsiyo ay tinatanggap at legal dito sa bansang Hapon. Ang “Mediated Divorce”, “Judicial Divorce” at “Adjudicated Divorce” ay dumadaan sa family court. Kung magkakaroon ng diborsiyo sa bansang Hapon at hindi ito ipapaalam sa bansa ng asawang dayuhan, maaaring hindi ito magkabila sa nasabing bansa. Dapat na gumawa din ng panibagong hakbang para magkaroon ng bisa ang diborsiyo sa sariling bansa.

Kung ang mag-asawa ay parehong dayuhan, ang kwalipikasyon na kailangan para sa diborsyo at mga proseso ay iba-iba depende sa bansa. Sumangguni sa sariling Embahada o Konsulado tungkol dito. (Apendise IX-5)

## **2. Kung Hindi Papayag Makipagdiborsiyo:**

Kung ang isang dayuhan ay pinipilit makipagdiborsiyo ng isang Hapones at labag ito sa kanyang kalooban, maaari pa rin magkaroon ng diborsiyo kung magsusumite ng katibayan ang Hapones na natanggap ng dayuhan ang notisya ng diborsiyo. Para mapigilan ito, kailangang magsumite ang dayuhan ng kahilingan na pag-ayaw sa diborsiyo sa munispyo na may hawak ng family register ng Hapones na asawa o tirahan nito. Kapag naipasa na ang kahilingang ito, hindi na pahihintulitan ang diborsiyo. Hindi nito saklaw ang mag-asawa na parehong dayuhan.

## **3. Residence Status Pagkatapos ng Diborsiyo:**

Kung ikaw ay naninirahan ng may status of residence bilang asawa ng isang Hapones o may status na “Spouse or Child of Permanent Resident” o “Dependent” bilang asawa ng isang dayuhan, ipagbigay-alam ang diborsyo sa immigration office sa loob ng 14 na araw matapos ang diborsiyo.

Mawawala ang status of residence kung ang mga nananatili bilang “Dependent” o ang mga nananatili ng status of residence katulad ng “Spouse of Spouse or Child of Japanese National” o “Spouse or Child of Permanent Resident” ay hindi ginagawa ang activities bilang asawa mahigit sa 6 buwan.

Kung hindi magpapalit ng status of residence matapos ang diborsiyo, hindi na maaaring tumira sa bansang Hapon. Sa mga ganitong pangyayari, agad na kumunsulta sa opisina sa inyong munisipyo o sa Alien Residency Comprehensive Information Center (Apendise IX-2).

## **4. Pagpalit ng Impormasyon sa Rehistro:**

Kung magbabago ang inyong pangalan dahil sa diborsiyo, dapat magsumite ng notisya ng pagbabago sa immigration office. Kung magbabago ang inyong tirahan, kailangang iparehistro sa tanggapan ng inyong munisipyo. (Apendise IX -1)

[Return to Top](#)

## **IV-5 Pagkamatay**

### **1. Pagbibigay Alam ng Pagkamatay (Death Notification)**

Kapag ang isang dayuhan ay namatay sa bansang Hapon, tulad din ng mga mamamayang Hapon, kailangang sumang-ayon sa batas ng hapon at i-report ang pagkakamatay sa munisipyo. Ang pagbibigay-alam ay kinakailangang gawin sa loob ng pitong (7) araw mula sa araw na napag-alaman ang pagkamatay. Sa Hapon, ang puwedeng makapagpatunay ng pagkamatay ay isang lisensyadong doktor o medical examiner lamang.

Pagkatapos suriin at mapatunayan ng doktor ang pagkamatay ng pasyente, magpagawa ng death certificate (Sibou Sindan Syo) at dalhin ito sa tanggapan ng kinauukulan sa munisipyo kung saan namatay o kaya'y munisipyong kinabibilangan ng namatay. Ibabalik ang Residence Card sa immigration office o ipadala sa Tokyo Regional Immigration Bureau (\*) sa loob ng 14 araw ng pagkamatay. May mga proseso ring dapat gawin sa bansa ng namatay. Magkaiba ang prosesong ito sa bawat bansa, kung kaya't mangyari lamang na makipag-ugnayan sa Embahada o Konsuladong nasa bansang Hapon hinggil sa prosesong ito. (Apendise IX-5).

(\*) adres ng pagbabalik ng Resident Card

Odaiba Bunshitsu of Tokyo Regional Immigration Bureau, Tokyo Kouwan Godo Chousya 9F, 2-7-11 Oume, Koto-ku, Tokyo 135-0064

### **2. Paglilibing**

Dahil sa malaki ang populasyon ng Osaka Prefecture ay masyado nang masikip at halos wala nang mga sementeryong tumatanggap sa paglilibing. Kunsultahin ang konsulado ng namatay upang malaman kung hindi puwedeng i-cremate ang mga labi ng namatay dahil labag ito sa kanyang relihiyon at kaugalian. Tungkol sa paghahanap ng sementeryong pandayuhan o kaya'y sa mga nagnanais ipalibing ang bangkay sa sariling bayan, kumonsulta lamang sa kinauukulang konsulado ng namatay. (Apendise IX-5).

[Return to Top](#)

## V Transportasyon

### V-1 Mga Pampublikong Sasakyan

#### 1. Tren (JR, Pribadong railway at Subway)

Karaniwang mabibili ang tiket sa vending machine. Siguraduhing tama ang nabiling tiket para sa bababaang istasyon sa fare table/map. Kapag nagkamali sa pagbili, dalhin ito sa taong namamahala ng bilihan ng tiket para mapalitan.

Mayroon ding mga serbisyong tulad ng:

- \* “ICOCA”: IC prepaid card para sa JR. Ang JR ang nag-isyu ng prepaid card. Bukod sa mga sasakyang tumatanggap ng “PITAPA” na nakalagay sa baba, kung lalagyan mo ng charge, magagamit rin ito sa lahat ng railway o bus sa buong Japan na may IC na marka.
- \* “PITAPA”: Isang IC postpaid card ay nagagamit sa mga pribadong tren sa buong Kansai, subway at bus na may markang “PITAPA”.
- \* Commuter Pass Ticket sa tawag sa hapon ay (*Teikiken*) ay makakabili ng mura ayun sa discounted rate ng tagal ng seksyon, meron 1, 3, o 6 na buwan na pwede kang makabili.

#### 2. Route Bus (Rosen-bus)

Walang konduktor sa route bus. Bago sumakay ng bus, siguraduhin ang ruta at ang destinasyon. Nakalagay ang destinasyon ng bus sa taas ng salamin sa harap at likod. May bus na pareho lang ang pamasaha kahit hanggan saan pumunta, at may bus na depende sa layo ng sakay ang pamasaha. Ang pagbabayad ay sa oras ng pagbaba. Sa pagbabayad, ihulog lamang sa fare box. Barya lamang ang tinatanggap kaya’t maghanda sapat ng barya. May announcement sa bawat bus stop na hihintuan. Kung nais bumaba, pindutin ang buton matapos ang announcement upang malaman ng tsuper kung may gustong bumaba. At kung gusto gamitin sa pagbayad ang IC card ilapat sa card reader ang IC card sa pagsakay at sa pagbaba at hintayin mo ang driver ng bus na magbigay ng signal na pwede ka ng bumababa.

#### 3. Taxi

Sa pagsakay sa taxi, pumara o kawayan ang taxi na may nakasulat na pulang “空車” (kuusya) sa harapan na ang ibig sabihin ay bakante ito. Gawin ito sa lugar na madaling hintuan. May taxi station o sakayan ng taxi sa harap ng mga istasyon ng tren o iba pang lugar subalit ito ay may sistemang pilahan. Kapag sumakay ng taxi, sabihing malinaw sa tsuper ang lugar na nais puntahan. Mas makabubuti kung may dalang memo kung saan nakasulat ang pupuntahang lugar o mapa.

Depende sa oras at layo ng biyahe ang halagang babayaran. Sa pagbabayad, alalahanin na maaaring walang baryang panukli sa 5,000 yen o 10,000 yen (isang lapad) at sa mga lenguahe meron app na maaari din gumamit. Madali ng mag-book ng taxi sa ride-hailing app na gamit ang smartphone. Sa pamamagitan ng paggamit ng app, pwedeng tumawag ng taxi sa tinukoy na lokasyon, at maari ring tukuyin ang patutunguhan at magbayad. Meron din sinusuportahan ng app sa iba’t ibang wika.

#### 4. Kapag may Bagay na Naiwan sa Loob ng Tren, Bus at Taxi

Maaaring magtanong o tumawag sa mga sumusunod:

- |   |   |
|---|---|
| ① JR West Japan Customer Service Center | ☎ 0570-00-2486 (sa wikang-Hapon lamang)<br>(Araw-araw 6:00-23:00)                     |
| ② Subway (Osaka Metro)                  | ☎ 0570-6666-24 (sa wikang-Hapon lamang)<br>(Araw-araw 8:00-21:00)                     |
| ③ Osaka City Bus                        | Magtanong sa opisina ng bus   |
| ④ Taxi (Osaka Taxi Center)              | ☎ 06-6933-5618/9 (sa wikang-Hapon lamang)<br>(Weekdays 9:00-17:00, Sabado 9:00-12:00) |

[Return to Top](#)

## V-2 Bisikleta (Jitensha)

### 1. Pagbili ng Bisikleta

Makakabili ng bisikleta sa tindahan ng bisikleta o DIY Center (*Home Center*), atbp. Sa pagbili ng bisikleta, kailangang magpaparehistro sa “crime prevention registration” o *bouhantouroku*. Ang halaga dito ay 600 Yen kada isang bisikleta.

### 2. Pagparada ng Bisikleta

Hinihiling na iparada ang bisikleta sa lugar na hindi nakakaabala sa mga taong dumadaan. May mga lugar na ipinagbabawal ang pagpaparada ng bisikleta ayon sa regulasyon ng munisipyo, lalo sa malapit o bandang istasyon. Kung ipaparada ang bisikleta sa nasabing lugar, magiging sagabal ito sa daanan ng mga matatanda at ng mga may kapansanan sa mata o bulag.

Kapag ipinarada ang bisikleta sa mga ipinagbabawal na lugar, maaaring dalhin o ilipat nang walang pasabi ang inyong bisikleta. Kung gustong mong makuha ang bisikleta ay kinakailangang magbayad para sa paglilipat, pagdala at pagtatago ng bisikleta. Itatago ang bisikleta sa maikling panahon lamang. Mabutihing tubusin ang bisikleta sa panahon na ito. Kapag dinala ang bisikleta, maaring itanong sa munisipyo kung saan ito dinala, kung magkano ang bayad, at anong araw at oras maaaring tubusin. Dapat ding sabihin ang petsa at oras kung kalian tinanggal ang bisikleta,.

(⇒Tingnan ang Apendise IX-1)

### 3. Kapag Ninakaw ang Bisikleta

Kung ninakaw ang bisikleta, ipagbigay-alam sa malapit na istasyon ng pulisya. Makikipag-ugnayan ang pulis sakaling nakita ang bisikleta ninakaw, kaya makabubuting isulat ang pangalan at address ng tirahan ng may-ari ng bisikleta.

### 4. Huwag Mamulot ng Bisikleta

Kahit na sa palagay mo na ang bisikleta ay tinapon na, maaaring ito ay ninakaw lang ng kung sino at iniwanan na lang sa isang tabi. Kapag sumakay o ginamit ang ninakaw na bisikleta at kung nareport ang pagnanakaw nito, maaaring masangkot sa problema o sa gulo, kaya makabubuting huwag mamulot o gumamit ng tinapon na bisikleta.

### 5. Mga Batas Pantrapiko

Karaniwan ang daanan para sa bisikleta ay daan ng mga kotse. Sa daan ng kotse, kailangang dumaan sa bandang kaliwa, at sumunod sa hudyat pantrapiko (traffic lights, o *singou*) katulad ng mga kotse. Bawal sumakay ng bisikleta nang lasing o ang dalawakayong nakasakay. (Ito ay maliban sa pagsasakay ng isang batang wala pa sa 6 na taon, nang gamitin ang upuan para sa bata. Kailangan din na higit 16 na taon gulang ang magmaneho.)

Karaniwang bawal ang pagpapatakbo ng bisikleta sa sidewalk pero may mga lugar na bawal dumaan ang bisikleta sa kalsada kaya pinapahintulutan ang pagdaan sa sidewalk. Sa mga ganitong pagkakataon, dumaan lamang sa gilid ng sidewalk at magbigay daan sa mga tao na naglalakad. Siguraduhing bukas ang ilaw kung magbibisikleta sa gabi. Sa Osaka Prefecture, pinagbabawal ang pagmamaneho habang gamit ang cellphone.

Ayon sa Ordinansang ipinapatupad mula Hulyo 1, 2016, ang sinumang gumagamit ng bisikleta sa Osaka Prefecture ay kailangang kumuha ng damage insurance. At bukod pa rito, mula Abril 1, 2023, dahil sa bahagyang pag-amyenda sa Regulasyon sa Trapiko ( Road Traffic Act), kakailanganing magsuot ng helmet ang mga gumagamit ng bisikleta.

[Return to Top](#)

## V - 3 Lisensiya sa Pagmamaneho o Driver's License (Unten-menkyo)

Kailangang may lisensiya para magmamaneho ng kotse o motorsiklo sa Japan. Habang nagmamaneho ay kailangang dala ang lisensiya at ang "vehicle inspection certificate" (shaken-sho) ng kotse o motorsiklo.

### 1. Lisensiyang Pang-internasyonal

Maaaring magmamaneho sa Japan sa lisensiyang pang-internasyonal na ibinigay ng bansang kaanib sa Geneva Convention. Puwede lamang itong gamitin sa panahon na mas maiksi sa isang taon mula dumating sa Japan o takdang panahon ng lisensiya. Hindi maipabago ang pang-internasyonal na lisensiya sa Japan. Kaya't kung mamalagi sa Japan nang higit isang taon ay kailangan kumuha ng lisensiya sa Japan kung ibig magmamaneho.

### 2. Pagpapalit ng Lisensiyang ng Ibang Bansa

Kung may hawak na balidong lisensiya mula sa ibang bansa at higit na 3 buwan kang nakatira doon pagkatapos makuha ang lisensiya mo (kailangan ihanda ang papeles na nagpapaliwanag ng pagtira, tulad ng pasaporteng may tala ng imigrasyon), maaaring mabigyan ng iksemsiyon sa isang parte ng exam ng pagkuha ng Japanese Driver's License. Pagkapasa ng exam, maibigay ang lisensiya sa Japan na katumbas sa uri ng lisensiya sa ibang bansa. Ang aplikasyon ay tinatanggap sa National Public Safety Commission o *Koan linkai* na sumasaklaw sa lugar na tinitirahan (pati ng pansamantala). Sa Osaka Prefecture, Ito ay magiging Kadoma Driver's License Examination Office at Komyoike Driver's License Examination Office. Ang exam ay binubuo ng pagsusuri ng papeles, pag-iinterview, at pagkumpirma ng kaalaman at kasanayan para sa pagmamaneho. Kung napatuyang walang problema sa pagmamaneho, magkakaroon ng iksemsiyon sa mga ilang parte ng exam (*Gakka-shiken*, (Kaalaman) at/o *Gino-shiken* (Kasayanan)).

Mga papeles na kinakailangan:

1. Lisensiya sa pagmamaneho na inisyu ng ibang bansa (Kung di nakalagay ang petsa ng pag-isyu o iba pa, kailangang ihanda ang record certificate ng lisensiya.)
2. Xerox copy ng harap at likod ng lisensiya
3. Salin ng lisensiya sa wikang-Hapon (isinalin ng Konsulado ng nag-isyu ng lisensiya na nasa Japan o Japan Automobile Federation (JAF))  
< Osaka Branch, Kansai Headquarter ng Japan Automobile Federation (JAF) ☎072-645-1300>
4. Pasaporte (Kung binago, dalhin din ang dating pasaporte.)
5. Xerox copy ng pasaporte
6. Kopya ng Certificate of Residence na nakalagay ang nasyonalidad (dokumentong nagpapatunay na nakatira sa adres kung saan iparehistro para sa lisensiya at pasaporte kung hindi aplayan ng Basic Resident Registration)
7. 1 litrato (3 x 2.4cm, kinuha sa loob ng 6 na buwan, walang sombrero, nakaharap sa gitna, nakikita ang itaas sa dibdib at walang ibang nakikita sa likod)
8. Panulat (Bolpen na itim o asul)
9. Bayad

Maaaring kailangan ang ibang dokumento bukod sa binanggit sa itaas.

Ang pagsusulit ng pagkumpirma ng kaalaman ay maaaring kunin sa mga wikang Hapon, Ingles, Korean, Chinese, Spanish, Portuges, Persian, Russian, Filipino, Thai o Vietnamese. Para sa detalye, maaaring itanong sa Kadoma Driver's License Examination Office o Komyoike Driver's License Examination Office.

### 3. Pagkuha ng Bagong Lisensiya sa Pagmamaneho sa Japan

Sa pagkuha ng bagong lisensiya sa pagmamaneho sa bansang Hapon, mayroon dalawang paraan:

- Kukuha ng aptitude test, written test at practical test sa Driver's License Examination Office. Pagkapasa nito, sumali sa pag-aaral para sa mga bagong magkakalisensiya. Puwedeng kunin sa wikang Ingles, Chinese o Portuges ang written test.
- Pumasok sa eskuwelahan ng pagmamaneho o Driving School (*kyoshujo*). Makakakuha ng lisensiya sa pagmamaneho matapos gumraduate nang maipasa ang pagsusulit ng eskwelahan tungkol sa pagmamaneho at maipasa sa pagsusulit ng Driver's License Examination Office tungkol sa aptitude test. Ang halagang gagastusin sa *kyoshujo* ay umaabot mula 20 hanggang 30 na lapad.

Driver's License Examination Office

Kadoma Driver's License Examination Office

23-16 Ichiban-cho Kadoma City

(Mula sa Keihan Railways "Furukawabashi Station", sumakay ng Keihan bus hanggan sa "Menkyou Shikenjou" o maglakad nang mga 20 minuto (mga 1.5 kilometro))

☎ 06-6908-9121

Komyoike Driver's License Examination Office

5-13-1 Fuseyacho Izumi City

(Mula sa Senboku Kousoku Railways "Komyoike Station", maglakad nang mga 5 minuto (400 metro))

☎ 0725-56-1881

#### 4. Pagpapasalin ng Lisensiya sa Wikang-Hapon

Mayroong serbisyo ng pagsalin sa Hapon ng lisensiya ng ibang bansa ang Japan Automobile Federation (JAF) nang may bayad. May mga oras na may empleyadong naka-duty na marunong mag-Ingles.

Kung gustong magpasalin sa wikang-Hapon, ang kakailanganin lamang ay ang inyong balidong lisensiya sa pagmamaneho sa ibang bansa.

Kinaroroonan: 2-1-5, Nakahozumi Ibaraki City

(19 minutong paglalakad mula sa JR Ibaraki Station)

☎ 072-645-1300

[URL https://jaf.or.jp/common/visitor-procedures/switch-to-japanese-license](https://jaf.or.jp/common/visitor-procedures/switch-to-japanese-license)

#### 5. Patakaran sa Pagmamaneho sa Bansang Hapon

Nagbebenta ang JAF ng "Patakaran Pantrapiko" o "Rules of the Road" na isinalin sa Ingles, Portuges, Chinese, Kastila.

[URL https://jaf.or.jp/common/visitor-procedures/rules-of-the-road](https://jaf.or.jp/common/visitor-procedures/rules-of-the-road)

[Return to Top](#)



## V-4 Mga Karatula at Kanji na Madalas Makita sa Kung Saan-saan

### 《Gusali》

いりぐち  
入口

(Iriguchi) Pasukan

Dito makapasok sa gusali o sa lugar

でぐち  
出口

(Deguchi) Labasan

Dito makalabas mula sa gusali o sa lugar

ひじょうぐち  
非常口

(Hijouguchi) Labasan para sa emergency

Dito makalabas pag may sunog o sa oras na emergency

かいほうげんきん  
開放厳禁

(Kaihoukinshi) Isara ang pinto (o bintana)

Isara ang pinto o bintana pag may ganitong karatula.

### 《Trapiko, daanan》

ちゅうりんじょう  
駐輪場

(Chuurinjou) Paradahan ng bisikleta

Dito iparada ang bisikleta

ちゅうしゃきんし  
駐車禁止

ちゅうしゃ ことわ  
駐車お断り

(Chuusyakinshi, Chuusya Okotowari) Bawal iparada ang sasakyan,  
Huwag iparada ang sasakyan

Huwag iparada ang sasakyan pag may ganitong karatula.

### 《Banyo》

こうしゅうべんじょ  
公衆便所

(Koshubenjo) Comfort Room

Banyo o kubeta na pampubliko

けしょうしつ  
化粧室

べんじょ  
便所

てあら  
お手洗い

(Kesyoshitsu, Benjo, Otearai) Banyo

Banyo para sa lahat

おとこ  
男

とのがた  
殿方

(Otoko, Tonogata) Panlalaki

Panlalaki

おんな  
女

ふじん  
婦人

(On-na, Fujin) Pambabae

Pambabae

## 《Mga importanteng karatula》

こうじちゅう  
工事中

(*Koujichuu*) Under Construction

Ginagawa ang gusali o daanan.atbp

しょうかき  
消火器

(*Syoukaki*) Fire Extinguisher

Pampatay ng sunog o apoy kung maliit pa lamang.

きんえん  
禁煙

(*Kin-en*) No Smoking

Bawal manigarilyo dito pag may ganitong karatula.

たちいりきんし  
立入禁止

(*Tachiiri Kinshi*) Bawal pumasok dito

Bawal pumasok dito pag may ganitong karatula.

きけん  
危険

(*Kiken*) Danger o Panganib

Babala na may delikado dito.

ひなんじょ  
避難所

(*Hinanjo*) Evacuation area

Kublihan kapag nangyari ang lindol o bagyo, atpb.

[Return to Top](#)

# VI Pagbubuntis, Panganganak, Pagpapalaki ng Anak at Edukasyon

## VI-1 Pagbubuntis at Panganganak

### 1. Kapag Buntis o Nagdadalang-Tao

Kung ipagbibigay-alam sa inyong munisipyo ang pagbubuntis at planong pagsilang ng sanggol, makakatanggap ng “Maternal and Child Health Handbook” (Boshitecho). Ang nabanggit na handbook ay magsisilbing rekord sa pagtatala ng mga importanteng bagay mula sa pagbubuntis hanggang sa panganganak at sa mga kinakailangang bakuna sa loob ng pitong taon. Napakahalagang dokumento ang handbook na ito. May mga munisipyo na nagsalin ng “Maternal and Child Health Handbook” (Bositecho) sa iba’t- ibang wika para sa kanilang mamamayang dayuhan na. Makakabili ng “Maternal and Child Health Handbook” (Bositecho) na naka-salin sa Ingles, Intsik, Portuguese, Kastila, Koreano, Thailand, Indonesian, Filipino at Vietnamese (inilathala ang mga ito ng Mother and Child Health Research Foundation) sa pamamagitan ng Mail Order. Para sa detalye sumangguni sa mga sumusunod:

Mother and Child Health Research Foundation

URL <https://www.mcfh.or.jp>

☎ 03-4334-1151 Main Office

☎ 06-6941-4651 Western Japan Office

### 2. Bayarin o Gastusin

Dahil sa ang panganganak ay hindi isang karamdaman o sakit, hindi masasagot ang bayarin nito sa Health Insurance. Sa halip, ang Health Insurance ay may nakalaang tulong (500,000yen) para sa panganganak.

Kung dito ka sa Hospital ng Japan ka manganganak 4 o 5 araw ang tagal na dapat kang manatili sa hospital na aabot sa halagang 400,000 – 500,000 yen ang mga gastusin sa panganganak na mga bayarin nito. At dapat alalahanin na ang bayaran sa panganganak ay naiiba depende sa ospital o klinika na panganganakan.

Ang paggamit ng sistema ng pagbayad ng pera mula sa Health Insurance para sa pagsilang at pagpapalaki ng sanggol derecho mismo sa ospital ay puwedeng tanggalin ang pangangailangan na maghanda ng malaking halaga para sa pagpapanganak ng bata. Para sa nasasaklaw ng tulong sa bayaran sa panganganak mula sa National Health Insurance, sumangguni at mag-aplay sa inyong munisipyo.


(Apendise IX-1).

Kung sakali mang, kahirapan ang dahilan, kung kaya’t hindi maaaring magsilang sa ospital, mayroong sistema ang pamahalaan, para tulungan ang mga manganganak, gaya ng paghahanap ng ospital o klinikang panganakan, pagtustus sa bayarin ng panganganak, ng sa gayon ay maging panatag at maayos ang nagbubuntis na makapagsilang ng kanyang sanggol. Para sa higit na kaalaman sumangguni sa tanggapan ng Health and Welfare Section sa munisipyong inyong kinabibilangan. Subalit depende ito sa halaga ng tinatanggap na sahod, maaaring magbayad ng sariling gastos kung lalampas sa itinakdang batayan.

### 3. Tulong sa Buntis

Ang isang buntis o nagdadalang-tao ay dapat na regular na magpapatingin sa ospital. May mga munisipyong naghahandog ng libreng pagpapatingin. Sumangguni sa inyong tanggapan ng munisipyo o sa public health center (Apendise IX-3).

## 4. Panganganak



### (1.) Pagbibigay-alam ng Panganganak o Pagpaparehistro ng Sanggol:

Kapag nagsilang ng sanggol, nararapat na magpagawa ng "sertipiko ng kapanganakan" sa inyong doktor o komadrona. Kahit na ang mag-ina ay parehong dayuhan, kung ang sanggol ay ipinanganak sa bansang Hapon ay nararapat mag-aplay ng rehistro nito sa loob ng 14 araw mula pagkasilang. Pagkatapos, maaaring makakuha ng "Provisional Status of Residence". Kung ang sanggol ay hindi Hapones (foreign nationality), magsadya sa tanggapan ng inyong munisipyong kinabibilangan para tanggapin ang "sertipiko ng pagtanggap sa rehistro ng kapanganakan" ng inyong sanggol at dalhin ang katibayang dokumento sa inyong Embahada o Konsulado sa bansang Hapon.

### (2.) Kung ang sanggol na pinanganak ay hindi isang Hapones:

Kung ang kapwa magulang ay dayuhan at kung ang kanilang anak ay hindi Hapon ang nasyonalidad, kailangang magsadya sa immigration office upang kumuha ng status of residence (permisong manirahan sa bansang Hapon) sa loob ng 30 araw mula sa araw ng pagsilang.

[Return to Top](#)

## VI-2 Day-care

### 1. Sistema ng Day-care sa Japan

May tatlong klase sistema ng day-care sa bansang Hapon: ① Day-care centers (Hoikusho) na kailangan ang pahintulot ng gobyerno bago makapasok (para sa mga karapat-dapat na sanggol o bata na nangangailangan ng pangangalaga), ② Day-care centers na hindi na kailangan ang pahintulot ng gobyerno upang makapasok ngunit may sariling pamamahala o pamamalakad at ③ Day care sa ilalim ng mga pribadong kumpanya.

Ang Day Care center na may pahintulot ng gobyerno ay may pang-publiko at pang-pribado. Pangkaraniwan na sarado sa maagang oras ng umaga at sa mga huling oras ng gabi ang mga day care center. Bukod dito, walang serbisyo na naghahandog ng overnight o tuwing Linggo at kapistahan. Ang pag-aaplay ay karaniwang ginagawa sa mga pasilidad ng munisipyo kung saan nakatira ang aplikante at karaniwang tinatanggap ang mga bata na nakatira sa nasasakupang distrito. Para sa detalye tungkol sa pamamaraan at panahon ng pag-aaplay, bayaran atbp. sumangguni sa departamentong nangangasiwa sa day care ng inyong munisipyo.

Mayroon ding Day-care (*Nintei kodomoen*) na pinahintuluan ng gobyerno na nagbibigay ng serbisyong pagtuturo at pag-aalaga. Nagtatrabaho man o hindi ang magulang puwede itong gamitin. Para ito sa mga sanggol hanggang sa batang hindi pa pumapasok sa eskwela. Magtanong sa bawat day-care o sa namamahala ng Day-care sa munisipyo.

### 2. Pribadong Serbisyo

Marami ang klase ng serbisyo na pinalalakad ng mga nasa pribadong sektor, ang ilan sa mga ito ay ang mga palakad ng mga magulang o volunteers na may pag-aaruga at pagmamahal sa mga bata at mayroon din mga palakad ng mga pribadong kompanya. May mga ilang kompanya rin na naghahandog ng day-care sa gabi at sa araw na walang pasok (holidays) at mayroon ding ibang nagpapadala ng baby sitter sa bahay. Maaaring mag-aplay sa mga kinaukulang kompanya. Maari rin kayong mag-aplay sa mga kompanya na hindi nasasakop ng inyong munisipyo.

Para sa detalye ng serbisyo, sumangguni sa bawat kompanya o organisasyon.

### 3. Family Support Center

May mga munisipyong nagpapalakad ng Family Support Center. Ang mga kasapi ay nagtutulungan tulad ng paghahatid sundero sa kindergarten at ang suportang ito ay upang tingnan o pansamantalang alagaan ang mga bata. Para sa higit na kaalaman ay sumangguni sa tanggapan ng munisipyong kinabibilangan. (Apendise IX-1).

### 4. Libreng Edukasyon at Serbisyon Daycare ng Bata

Mula Oktubre 2019, naging libre na ang bayad ng paggamit ng kindergarten, day care center o *Nintei kodomoen* (day care center na pinahintuluan ng gobyerno) para sa bata ng klase ng 3 hanggang 5 taong gulang at bata ng klase ng 0 hanggang 2 taon gulang ng sambahayan kung saan hindi saklaw ng residence tax. Tungkol sa kindergarten, hanggang 25,700 yen ang bayad sa isang buwan. Ang bayad ng serbisyong paghatid-sundero, materyal na pagkain at gastusin para sa mga event at iba pa ay babayaran pa rin ng magulang/tagapag-alaga. (may eksepsyon.) Para sa mga detalye, makipag-ugnayan sa inyong munisipyo. (Apendise IX-1)

### 5. Sistema sa Allowance Para sa Bata

Ang sistema ng allowance sa bata ay ibinibigay sa mga magulang o guardian ng mga bata hanggang sa unang Marso 31 pagkatapos ito maging 15 anyos (bago matapos ng pag-aaral sa junior high school). Ang mga taong kumikita ng malaki ayon sa itinakdang pamantayan ay hindi mabigyan nito, subalit mabibigyan sila ng 5,000 yen kada buwan bilang espesyal na bayad. Para sa higit na kaalaman, sumangguni sa tanggapan ng munisipyong inyong kinabibilangan. (Apendise IX-1).

[Return to Top](#)

## VI-3 Kalusugan at Pagpapagamot ng Sanggol

### 1. Pagpapagamot at Pangangalaga sa Sanggol

Pinakamababa ang dami ng namamatay na sanggol sa bansang Hapon kumpara sa buong mundo dahil mataas ang pamantayan ng pangangalaga at panggagamot sa mga sanggol. May mga ospital para sa mga bata, subalit makabubuting magpatingin muna sa pinakamalapit na pediatrician.

### 2. Pagbabakuna

Ang mga uri ng pagbabakuna ay nakasulat sa ibaba. Nakatakda ang araw at lugar ng pagbabakuna ayon sa munisipyo. Kapag nakapasa sa mga kondisyones, ang pagbabakuna ay walang-bayad at kinakailangan lamang ipatala ito sa Handbook para sa Kalusugan ng Ina at Anak (Boshitecho).

Para sa detalye, sumangguni sa health center atbp. ng inyong munisipyo. (Appendise IX-3)

Bakuna	Nauukol na Gulang
Tatlong klase magkahalo (Diphtheria, Pertussis, Tetano) at Polio	Sa loob ng 3 na buwan ~ 90 na buwan mula sa araw ng pagsilang
Dalawang klase magkahalo (Diphtheria at Tetano)	mula 11 hanggang 13 na taong gulang
BCG	Sanggol wala pa isang taon
Measles, Rubella	Sa loob ng 12 na buwan ~ 24 na buwan mula sa araw ng pagsilang (unang bakuna) Mula 5 hanggang 7 taong gulang.
Japanese encephalitis	Sa loob ng 6 na buwan ~ 90 na buwan mula sa araw ng pagsilang (unang bakuna) 9~13 taong gulang (pangalawang bakuna)
Pediatric pneumococcus	Kung ang paunang bakuna ay binigay sa loob ng 2 buwan ~ 7 buwan mula sa araw ng pagsilang: 4 na beses na bakuna Kung ang paunang bakuna ay binigay sa loob ng 7 buwan ~ 1 taon mula sa araw ng pagsilang: 3 beses na bakuna Kung ang paunang bakuna ay binigay sa loob ng 1 taon ~ 2 taon mula sa araw ng pagsilang: 2 beses na bakuna Kung ang paunang bakuna ay binigay sa loob ng 2 taon ~ 5 taon mula sa araw ng pagsilang: 1 beses na bakuna
Haemophilus influenzae type b (Hib)	Kung ang paunang bakuna ay binigay sa loob ng 2 buwan ~ 7 buwan mula sa araw ng pagsilang: 4 na beses na bakuna Kung ang paunang bakuna ay binigay sa loob ng 7 buwan ~ 1 taon mula sa araw ng pagsilang: 3 beses na bakuna Kung ang paunang bakuna ay binigay sa loob ng 1 taon ~ 5 taon mula sa araw ng pagsilang: 1 beses na bakuna
Human papillomavirus (HPV)	Unang araw ng fiscal year na magiging 12 taong gulang ~ huling araw ng fiscal year na magiging 16 na taong gulang
Chicken pox	1 taong gulang ~ 3 taong gulang
Hepatitis B	Wala pang 12 na buwan mula sa araw ng pagsilang

※1 Ang aktuwal na oras o panahon ng pagbabakuna ay magkakaiba ayon sa munisipyo. Para sa detalye, tingnan sa Maternal and Child Health Handbook o sumangguni sa health center ng inyong munisipyo (Appendise IX-3).

※2 Ang mga iba pang uri ng bakuna bukod sa nabanggit (tarangkaso, beki o mumps, atbp.) ay may bayad, kumonsultang mabuti sa mga medikal institusyon at magbabakuna.

### **3. Pagpapatingin ng Kalusugan (Kenkohshindan)**

Ang bawat munisipyo ay nagpapatupad ng libreng pagpapatingin ng kalusugan. Ang oras ng eksaminasyon at proseso ay depende sa munisipyong kinabibilangan. Para sa higit na kaalaman tungkol dito, sumangguni sa Health Center ng inyong munisipyo. Makakatanggap ng sulat o notisya para sa pagpapatingin na manggagaling sa tanggapan ng munisipyo.

### **4. Bayarin o Gastos para sa Pagpapagamot ng Sanggol o Bata**

#### **1) Tulong sa Pagpapagamot o Medical Assistance ng Sanggol o Bata**

Ang bayarin o gastusin sa pagpapagamot ng isang sanggol o bata ay sinasaklaw ng health insurance ng mga magulang o tagapagtaguyod nito. Karaniwan, kinakailangang pasanin o bayaran ang 20 na porsiyento ng halagang inabot sa pagpapagamot. May mga munisipyo na tumutulong ng isang bahagi sa mga bayarin at gastusin sa pagpapagamot ng sanggol o bata. Sumangguni sa taga-pangasiwa ng Child Welfare, Health and Hygiene Section, o National Health Insurance Section (Apendise IX-1) ng inyong munisipyo.

#### **2) Ibang Tulong Pinansyal**

May sistema na pinapasan o binabayaran ng pamahalaan, bilang gastusing pampubliko, ang mga gastusin o bayarin sa pagpapagamot ng mga sakit o karamdaman tulad ng batang ipinanganak na wala pa sa panahon, batang may kapansanan, may ispesyal na talamak o kronik na sakit (hindi gumaling-galing na sakit) atbp. Para sa detalye, sumangguni sa public health center (Apendise IX-3) o welfare office (Apendise IX-1).

[Return to Top](#)

## VI-4 Sistema ng Edukasyon sa Bansang Hapon

### 1. Kumpolsaryong Pag-aaral

Ang kumpolsaryong pag-aaral sa bansang Hapon ay 9 na taong gulang, mula elementarya hanggang junior highschool. Libre ang mga bayarin sa pag-aaral, pati na rin ang mga textbooks ng mga paaralang pang-publiko. Subalit, ang mga iba pang gastusin sa pag-aaral gaya ng bayad sa mga proyekto sa mga aralin at educational trips o field trips at iba pa ay kinakailangang bayaran.

#### <Iskedyul ng Isang Taong Pag-aaral>

Abril - Simula ng pasukan

Huling bahagi ng Hulyo hanggang katapusan ng Agosto - Bakasyon sa tag-init

Bago matapos ang taon at bago magsimula ang bagong taon - Bakasyon sa tag-lamig (dalawang linggo)

Marso - Pagtatapos ng school year at simula ng bakasyon sa tag-sibol

Ang mga mag-aaral o bata na may nasyonalidad na Hapon ay padadalhan ng notisya mula sa Local Board of Education. Nakasulat sa nasabing notisya ang paaralan at ang nakatakdang araw o petsa ng pagpasok. Ang mga batang hindi Hapones rin na ibig pumasok sa isang pampublikong elementary school o Junior High School ng Hapon, mag-aplay lang sa Local School Board at magpapadala ito ng notisya kung saan at kailan papasok (para sa baguhang papasok). Sa mga taong matagal nang rehistradong residente at patuloy na naninirahan sa Osaka Prefecture, kapag tumuntong sa tamang edad ang mga anak nila ay magpapadala ng notisya ang Local School Board para ipalam ang tungkol sa pag-aaral ng kanilang mga anak sa eskuwelahan. Gawin lamang ang isulat ang lahat ng impormasyong kailangan at ibalik ang notisya. Posible ding makapasok sa kalagitnaan ng taon ng pag-aaral. Kumunsulta lamang sa School Board ng inyong lugar para sa detalye.

May mga pribadong elementary school at junior highschool, ngunit kailangang magbayad para sa pag-aaral dito. Para sa detalye, kumunsulta lamang sa mga eskuwelahan na gustong pasukan. Karamihan din sa mga pribadong paaralang ay may mga pagsusulit bago makapasok.

### 2. Pagtapos ng Kumpolsaryong Pag-aaral

Kapag natapos na ang kumpolsaryong pag-aaral o Compulsory Education, maaaring pumasok sa senior high school. Sa senior high school, bukod sa mga pangkalahatang kurso, mayroong kursong makakapag-aral ng pang-teknolohiya o kung saan papalawakin ang kaalaman sa isang espesyalidad. Kung nais malaman ang mga kakailanganin atbp. para sa pagpasok sa mga ganitong paaralan, makipag-ugnayan lamang sa departamentong nangangasiwa sa Senior High School ng munisipyo at para naman sa pang-pribadong paaralan, makipag-ugnayan sa mga kinauukulan ng bawat paaralan.

Mayroong "Higher Education Study Support Subsidy" ng bansa at "Private High School Tuition Support Subsidy" ng Osaka na nagbibigay ng tulong sa pagbayad ng tuition. Kung ang sweldo ng magulang ay hindi tataas sa itinalagang halaga, libre ang tuition sa public at private na high school.

### 3. Suporta sa Buhay sa Eskwela Para sa mga Estudyante

May website ang Osaka Prefectural Education Office na kung saan ipinapakita ang buhay-estudyante at iba pang mga nagaganap sa eskuwelahan upang suportahan ang mga estudyanteng taga ibang bansa.

[URL](https://www.pref.osaka.lg.jp/shochugakko/kikokutoniti-sapo/) <https://www.pref.osaka.lg.jp/shochugakko/kikokutoniti-sapo/>

Nilalaman: Pagpasok sa Eskuwela, at Kurso.

Mga Lenguwaheng Pwede: Hapon, Intsik, Koreano, Portugues, Kastila, Vietnam, Ingles, Bahasa Indonesia, Filipino, Thai, Russo, Nepali, Urdu, Arabik, at Malay.

### 4. Baon (Bento)

Sa mga paaralan ng junior highschool na hindi naghahanda ng pananghalian, pangkaraniwan ang magdala ng pagkain para sa pananghalian. Baon (Obentou) ang tawag dito. Kung hindi makakapagdala ng baon, maaaring bumili ng tinapay o ng iba pang pagkain sa loob ng paaralan o kaya'y maaari ring bumili ng baon sa tindahan. Subalit, ang alituntunin ay magkakaiba batay sa patakaran ng paaralan kaya dapat munang makipagusap sa guro tungkol dito.



## **5. Tulong Upang Makapag-aral**

Ang sistemang ito ay para makatulong sa mga mag-aaral na nasa kompulsaryong pag-aaral na may problemang pinansiyal sa kanilang paaralan. Ang mga kinakailangan para sa kanilang pag-aaral gaya ng kagamitan sa eskwelahan, o anumang aktibidad na may kaugnayan sa kanilang pag-aaral at gastos sa kanilang field trip ay maaaring sagutin ng pondong nakalaan para dito. Para sa higit na kaalaman, makipag-ugnayan sa inyong paaralan o kaya ay sa Board of Education ng munisipyong inyong kinabibilangan.

[Return to Top](#)

## VII Impormasyon at Telekomunikasyon

### VII-1 Telepono

#### 1. Pag-aaplay Para Makabitan ng Telepono

Kung ikaw ay nagnanais makabitan ng linya ng telepono sa inyong bahay, mag-aplay sa NTT sa pamamagitan ng pagtawag sa 116 mula sa pampublikong telepono o pagtawag sa 0800-2000-116 mula sa mobile phone (sa wikang Hapones). Maari din mag-aplay sa pamamagitan ng NTT website. Ikaw ay hahanapan lamang ng ID (tulad ng pasaporte o Resident Card) at magbabayad ng sumusunod na halaga:

< buong bayad >

Hiwalay ang tax

	Kontrata	Bayad sa pagpapalinya ng telepono	Bayad sa pagpakabit	Total	
Subskripsyon sa telepono (Pagbili ng karapatan ng subskripsyon)	880 yen	39,600 yen	Libre	<u>40,480 yen</u>	Para sa matagalang gamit (pinakamababang buwanang bayad)
Subskripsyon sa telepono Light Plan (Paghiram ng karapatan ng subskripsyon)	880 yen	Libre	2,200 yen	<u>3,080 yen</u>	Para sa panandaliang gamit (pinkamababang paunang bayad)

#### 2. Pagbabayad

Ang babayarang bill sa isang buwan ay ang sumang "basic monthly charges" at bayad sa mga ginawang tawag. Dalhin lamang ang pinadalang bill at bayaran ito sa pinakamalapit na convenience store, banko o iba pang lugar na tumatanggap ng bayad. Pwede ring magbayad gamit ang credit card o account sa banko o post office (kailangan munang mag-aplay sa ganitong serbisyo). Kapag hindi nakabayad, maaring putulin ang telepono..

#### 3. Mga Tanong Tungkol sa Serbisyo ng Telepono

Sa mga katanungan tungkol sa bill ng telepono at iba pang serbisyo, makipag-ugnayan lamang sa NTT WEST sa mga sumusunod na paraan:

[URL https://www.ntt-west.co.jp/](https://www.ntt-west.co.jp/)

	Numero ng Telepono	Oras
NTT West Information (Customer Center para sa mga banyagang wika)	0120-064-337	Lunes - Biyernes 9:00-17:00 Mga wika: Ingles, Espanyol, Korean, Portuges, Intsik
Pagpapakabit o pagpapalipat ng linya ng telepono at iba pang serbisyo.	116 (mobile phone) 0800-2000-116	9:00-17:00 Lunes hanggang Linggo pati mga holiday
Sira o putol na linya ng telepono	113 (mobile phone) 0120-444-113	24 oras (Pagtanggap ng aplikasyon gamit ang recorded message)
Pagtawag sa Operator (may bayad)	104	24 oras
Sa mga panahon ng sakuna o emergency	171	Gamitin lamang kapag may sakuna o emergency

[Return to Top](#)

## VII-2 Cell Phone

Maaaring makakuha ng kontrata sa linya ng cellphone sa mga ahente ng mobile phone o sa mga tindahang nagtitinda nito (tulad ng electric appliances stores atbp).

Para sa bagong kontrata, kailangan ng identification documents na nakalagay ang kasalukuyang tirahan tulad ng Residence Card, Driver's License o My Number Card, at seal na nakarehistro sa pinansyal na institusyon at bankbook (o ATM card) o credit card at iba pa para sa proseso ng pagbabayad ng mga bayarin.

Ito ang ilan sa mga nagbibigay ng serbisyo o linya ng mobile phone. Tumawag sa alin man sa mga ito para tanungin ang detalye tungkol sa kanilang serbisyo:

<Mga Kumpanya ng Mobile Phones>

	Numero ng Telepono	
NTT docomo	0120-005-250 (Customer Center sa ibat-ibang wika)	Oras: 9:00-20:00 (Libre) Wika: Ingles, Portuges, Intsik at Espanyol
	0120-800-000	<a href="https://www.nttdocomo.co.jp/">URL https://www.nttdocomo.co.jp/</a>
SoftBank	0800 – 919 - 0157 (Libreng toll)	<a href="https://www.softbank.jp/mobile/">URL https://www.softbank.jp/mobile/</a> * Wikang Ingles (Oras: 9:00-20:00) I-dial lamang ang "8" (Libre)
au	0120-959-472 (Ingles) 0120-959-473 (Portuges) 0120-959-476 (Intsik) 0120-959-478 (Koreano) 0120-933-952 (Tagalog) 0120-933-961 (Vietnamese) 0077-7-111/157 (Hapon)	<a href="https://www.au.com/">URL https://www.au.com/</a> 9:00~20:00 (Libre)

[Return to Top](#)

### VII-3 Paano Tumawag sa Ibang Bansa

Ang pagtawag sa ibang bansa ay maaaring gawin sa pamamagitan ng naka-lyang telepono na nasa inyong tahanan (may karagdagang bayad), sa pampublikong telepono at mobile phones (may karagdagang bayad). Tawagan lamang ang kinauukulang kumpanya ng telepono para alamin ang detalye ng serbisyong ito (merong nasa wikang Ingles).

<Mga Kumpanya ng Teleponong Maaaring Makatawag sa Ibang Bansa>

	Numero ng Telepono	URL	Code Number
KDDI	0057 o 0120-977-097	<a href="https://www.kddi.com/phone/international/">https://www.kddi.com/phone/international/</a>	001 Hindi nakabase ang gamit ng telepono sa au
Softbank	0120-03-0061	<a href="https://tm.softbank.jp/consumer/0061_int_phone">https://tm.softbank.jp/consumer/0061_int phone</a>	0061
NTT Communications	0120-506506	<a href="https://www.ntt.com/business/services/c/international/">https://www.ntt.com/business/services/c/i nternational/</a>	0033

<Paraan ng Direktang Pagtawag sa Ibang Bansa >

Numero ng Kumpanya ng Telepono + 010 + Code ng Bansang tatawagan + Numero ng tatawagan.

[Return to Top](#)

## VII-4 Midya

### 1. TV (Telebisyon)

#### NHK Television (Channel 1)

Naghahandog ng balita sa wikang Ingles at Hapon (bilingual). Subalit, kailangang may dual channel sound system ang inyong TV para makatanggap ng ganitong serbisyo.

Pangalan ng Programa	Oras ng Pagpapalabas
NHK News 7	Araw araw 19:00~19:30 (30 min)
News Watch 9	Lunes – Biyernes 21:00~22:00 (60 min)

NHK World Television (Satellite Broadcasting: NHK BS)

Naghahandog ng balita mula sa buong mundo hatid ng NHK World Television. May ilang programa na nasa wikang Ingles.

Pangalan ng Programa	Oras ng Pagpapalabas
NEWSLINE	BS1 Araw-araw, tanghaling-tapat

\* \* \* Bayad sa panood ng NHK Broadcasting \* \* \*


Ayon sa pinapatupad na batas, ang mga may-ari ng TV ay magbabayad ng sumusunod na broadcasting fee:


	Para sa 2buwan	6 month advance na bayad (lump-sum)	1 taong advance na bayad
Kontrata sa TV na may antenna	2,550 yen	7,300 yen	14,205 yen
Kontrata sa TV na may satellite (kasama ang may antenna)	4,440 yen	12,715 yen	24,740 yen

(Iba ang presyo depende kung papaano babayaran.)

Mga numero at homepage ng NHK Viewing:

[URL https://www.nhk-cs.jp/jushinryo/toiawase/](https://www.nhk-cs.jp/jushinryo/toiawase/)

 0120-151515 (Araw-araw 9:00-18:00)

 050-3786-5003 (Araw-araw 9:00-18:00)

<Panood gamit ang Satellite>

Ang pagpapa-miyembro sa Broadcast Satellite TV ay isang paraan para makapanood ng mga balita, pelikula at iba pang mga programa sa wikang Ingles. Mayroon ding mga channel na nagpapalabas ng balita sa buong mundo. Tawagan lamang ang mga sumusunod para sa detalye:

	Numero ng Telepono	URL
NHK BS	0570-066-066	<a href="https://www.nhk.or.jp/digital/satellite/index.html">URL https://www.nhk.or.jp/digital/satellite/index.html</a> Para makakuha: TEL 0120-151515
SKY PerfecTV	0120-039-888	<a href="https://www.skyperfectv.co.jp/eng/">URL https://www.skyperfectv.co.jp/eng/</a>
WOWOW	0120-580-807	<a href="https://www.wowow.co.jp/">URL https://www.wowow.co.jp/</a>

<Cable TV>

Maaaring makatanggap ng ibat-ibang channels na karamihan ay nasa wikang Ingles kung magpapakabit ng cable TV. Para sa detalye, tumawag lamang sa inyong lokal na operator ng cable TV.

## 2. Radyo

### NHK Radio 2 (828kHz)

Binobrodkast ang mga programang balita galing sa NHK World Television. Maaaring makinig sa wikang Hapon.

Pangalan ng Programa	Oras ng Pagpapalabas	
	Lunes - Biyernes	Sabado at Linggo
Balita sa wikang Intsik	13:00-13:15 (15min.)	13:00-13:10 (10 min)
Balita sa wikang Koreano	13:15-13:30 (15 min.)	13:40-13:50 (10 min)
Balita sa wikang Espanyol	14:00-14:10 (10min.)	13:50-14:00 (10 min)
Balita sa wikang Portuges	18:00-18:10 (10min.)	Wala
Balita sa wikang Biyetnames	22:30-22:40 (10min.)	Wala
Balita sa wikang Indonesiyo	22:40-22:50 (10 min.)	Wala
Balita sa wikang Thai	22:50-23:00 (10 min.)	Wala
Balita sa wikang Pranses	13:45-13:55 (10 min.)	Wala
Balita sa wikang Ruso	14:10-14:20 (10 min.)	Wala
Balita sa wikang Hapon	Wala	13:30-13:40 (10 min.)

### FM COCOLO (76.5MHz) [URL https://cocolo.jp/](https://cocolo.jp/)

Nagbo-brodkast din ito sa wikang Ingles, Koreano, Intsik, atbp.

## 3. Internet

Sa pamamagitan ng internet, maaaring makahingi at makipagpalitan ng ibat-ibang impormasyon sa pamamagitan ng pagtingin sa mga homepage at e-mail. Maari ring mag-internet sa inyong cellphone, bagamat mas mabuting computer ang gamitin dahil mas angkop ito.

Kapag bumili ng computer, maaaring hindi pa rin ito magagamit sa pag-iinternet. Kailangan mo pa ring magkaroon ng kontrata o linya mula sa isang "Internet Service Provider" (ISP) para dito.

Maraming mga ISP ang nagbibigay ng ganitong serbisyo pero magkakaiba sila ng mga patakaran at kontrata tungkol dito.

NHK World, Radio Nippon Online [URL https://www3.nhk.or.jp/nhkworld/](https://www3.nhk.or.jp/nhkworld/)

Balita sa 19 na wika na maaaring mapakinggan sa pamamagitan ng internet broadcasting.

Ito ay nakasulat din sa 8 wika.

\* Kahit sa NHKPodcast Ingles ang una ibinabalita at marami lenggwaheng ring maririnig na balita.

[URL https://www.nhk.or.jp/podcasts/lang\\_world\\_news.html](https://www.nhk.or.jp/podcasts/lang_world_news.html)

## 4. Dyaryo at Magasin

Maaaring magkaroon ng subskripsyon sa alinman sa mga dyaryo o magasin newspapers sa inyong lugar at karamihan dito ay nasa ibat-ibang wikang banyaga. Maaari ding magbasa sa mga website ng dyaryo sa internet.

Ang mga dayuhang dyaryo at magasin ay mabibili sa mga malalaking bookstore o kaya ay sa Overseas Courier Service Co., Ltd. (OCS).

Overseas Courier Service Co., Ltd. (Import Service para sa mga Subscriber)

TEL 0120-627-012 [URL https://www.ocs.co.jp/](https://www.ocs.co.jp/)

< Mga Dayuhang Dyaryo at Magasin >

Wika	Pangalan	Telepono	URL
Dyaryo sa Ingles (Araw-araw o kada linggo)	The Japan Times	050-3646-0123	<a href="https://www.japantimes.co.jp/">https://www.japantimes.co.jp/</a>
	The Japan News	0120-431-159	<a href="https://japannews.yomiuri.co.jp/">https://japannews.yomiuri.co.jp/</a>
Magasin sa wikang Ingles	KANSAI Scene	06-6539-1717	<a href="https://www.kansaiscene.com/">https://www.kansaiscene.com/</a>
Intsik	Chunichi Shinpou	06-6569-6093	<a href="https://www.chunichishinpou.com/">https://www.chunichishinpou.com/</a>
	Chubun Douhou (Weekly)	03-4579-7866	<a href="http://www.chubun.jp/index.php">http://www.chubun.jp/index.php</a>
	Newspaper for International Students (twice in a month)	03-5458-4173	<a href="http://www.mediachina.co.jp/">http://www.mediachina.co.jp/</a>
Filipino	<b>Philippine Digest</b>	070-5010-0459	<a href="https://phildigest.jp/">https://phildigest.jp/</a>
Vietnamese	<b>Hoasen</b>	03-5368-0194	<a href="https://www.hoasen-web.com/">https://www.hoasen-web.com/</a>
Portuges	<b>Alternativa</b>	050-6860-3660	<a href="https://www.alternativa.co.jp">https://www.alternativa.co.jp</a>
Espanyol	<b>Mercado Latino</b>	06-6342-5211	<a href="https://www.mercadolatiino.jp">https://www.mercadolatiino.jp</a>

### 5. Aklatan (Library) na may Libro at Magasin sa Wikang Banyaga

Pangalan ng Aklatan	Address, Telepono	Sarado tuwing:	URL
Osaka Prefectural Central Library	1-2-1 Aramotokita, Higashiosaka-shi ☎ 06-6745-0170	Lunes, Ikalawang Huwebes ng kada buwan	<a href="https://www.library.pref.osaka.jp/site/central">https://www.library.pref.osaka.jp/site/central</a>
Osaka Municipal Central Library	4-3-2 Kitahorie, Nishi-ku, Osaka-shi ☎ 06-6539-3300	Una at ikatlong Huwebes ng bawat buwan	<a href="https://www.oml.city.osaka.lg.jp">https://www.oml.city.osaka.lg.jp</a>
International Institute for Children's Literature, Osaka	1-2-1 Aramoto kita, Higashi-Osaka-shi ☎ 06-6745-0170	Lunes at pangalawang Huwebes	<a href="https://www.library.pref.osaka.jp/site/jibunkan/">https://www.library.pref.osaka.jp/site/jibunkan/</a> (Libre para sa mga bata at mga magasin sa iba't-ibang wika)
Osaka University International Studies Library	* Minoh Campus 3-10-1 Senbahigashi, Minoh-shi ☎ 072-730-5126	Tignan ang homepage	<a href="https://www.library.osaka-u.ac.jp/gaikoku/">https://www.library.osaka-u.ac.jp/gaikoku/</a> (Libro, magasin at dyaryo sa iba't-ibang wika)
JETRO Osaka Headquarters Materials Reading Corner	Osaka International Building 29th floor, 2-3-13 Adzuchi-cho, Chuo-ku, Osaka-shi ☎ 06-4705-8604	Sabado, Linggo Piyestang Opisyal at Katapusan at simula ng taon)	<a href="https://www.jetro.go.jp/jetro/japan/osaka/lib.html">https://www.jetro.go.jp/jetro/japan/osaka/lib.html</a> (Mga pang-negosyo na materyales)

\* Ang mga lokal na aklatan at mga cultural center sa inyong munisipyo ay maaaring may ibat-ibang libro o magasin na pang-dayuhan.

[Return to Top](#)

## VIII Trabaho, Buwis at Pagapapadala ng Pera sa Ibang Bansa

### VIII-1 Paghahanap ng Trabaho

#### 1. Kapag Maghahanap ng Trabaho

**Hello Work** (Public Employment Security Offices o “Shokogyu Anteisho” at kilala rin sa tawag na “Shoku-an”)

Ang Public Employment Security Offices o Hello Work ay isang pampublikong sistema na nagbibigay ng libreng konsultasyon tungkol sa paghahanap at pagbibigay ng trabaho sa bansang Hapon. Kahit ang mga dayuhan, kung may hawak silang “working visa”, maaari rin kumonsulta dito para sa paghahanap ng trabaho.

Ang Osaka Employment Service Center for Foreigners sa Umeda at Osaka Employment Service Center for Foreigners ng Sakai ay may mga interpreter sa wikang-Ingles, Portugese, Kastila, at Intsik (kailangang tumawag muna para sa reserbasyon o iskedyul). (Apendise IX-4)

[URL https://jsite.mhlw.go.jp/osaka-foreigner/](https://jsite.mhlw.go.jp/osaka-foreigner/)

※Ang wikang Ingles ay nasa Osaka Employment Service Center for Foreigners lamang.

#### Mga babasahing may patalastas ng mga bakanteng trabaho

Ang mga patalastas (advertisement) tungkol sa mga bakanteng trabaho ay makikita o mababasa sa mga dyaryo, magasin at notisya na nakapaskil sa ibat-ibang lugar. Ganoon din sa mga magasin at diyaryong inilathala sa wikang banyaga ay may mga mababasa ring impormasyon tungkol sa mga nag-aalok ng trabaho o “job offer”. May makikita rin na impormasyon sa internet tungkol sa “job offer”.

#### 2. Paghahanap ng Trabaho para sa mga Estudyanteng Taga-Ibang Bansa pagkatapos Grumadweyt

Sa pagkakataon na balak magtrabaho ng isang estudyanteng taga-ibang bansa na nakapagtapos na sa pag-aaral, kinakailangan niyang palitan o baguhin ang kanyang student visa at gawin itong working visa para makapagtrabaho sa bansang Hapon. Ang Osaka Employment Service Center for Foreigners ay naghahandog din ng konsultasyon tungkol sa estado ng visa at iba pang bagay na may kaugnayan dito.

Osaka Employment Service Center for Foreigners (Apendise IX-4)

[URL https://jsite.mhlw.go.jp/osaka-foreigner/](https://jsite.mhlw.go.jp/osaka-foreigner/)

#### 3. Paghahanap ng Trabahong Pang-espesyalista o Pang-teknikal

Bukod sa mga serbisyong nabanggit, ang Osaka Employment Service Center for Foreigners ay mayroon ding konsultasyon para sa mga dayuhang may permiso ng pananatili (visa) na naghahanap ng trabahong pang-teknikal o pang-ispesyalista tulad ng Engineer, Engineer and Specialist in Humanities/International Services at Skilled Labor.

[Return to Top](#)



## VIII-2 Pagtatrabaho

### 1. Kondisyon sa Pagtatrabaho

Sa bansang Hapon, pinatutupad ang proteksyon sa kondisyon ng pagtatrabaho ayon sa batas tulad ng Labor Standards Law. Ang mga kondisyon ng trabaho ay hindi naapektuhan ng nasyonalidad, paniniwala at estado sa buhay. Lahat ay pantay-pantay. Bago magsimula sa trabaho, dapat na ipaalam muna ng inyong pinaglilingkuran ang lahat ng mga kondisyon sa pagtatrabaho. Dapat ipakita ng pinaglilingkuran sa empleyado ang mga sumusunod ayon sa batas:

1. Tagal ng panahong magta-trabaho ayon sa kontrata.
2. Lugar ng pagtatrabahuhan at ang uri o klase ng trabaho.
3. Ang oras sa pagsisimula at pagtatapos ng trabaho, oras ng pahinga, holiday, bakasyon at overtime.
4. Komputasyon ng suweldo at malinaw na paraan ng kuwenta at pagbabayad.
5. Mga araw na kasama sa pagkukwenta ng suweldo at ang araw ng takdang pagpapasuweldo.
6. Tungkol sa pagreretiro, at pagsisante (pagpapaalis sa trabaho) at mga kadahilanan nito, atbp.

Bukod sa mga nabanggit, dapat ipaliwanag o ipakita ng pinaglilingkuran sa empleyado ang mga bagay tulad ng bonus, bayad sa pagreretiro at iba pa. Tungkol naman sa mga empleyadong "part time" nararapat din ipaliwanag kung ang tatanggaping sahod ay maaaring tumaas, mga matatanggap na halaga kapag pagreretiro at kung may matatanggap na bonus.

### 2. Mga Pamantayan sa Pagtatrabaho

Ang mga pamantayan sa pagtatrabaho ay makikita sa mga sumusunod:

#### (1) Batas sa pagtatrabaho (Labor Standards Law)

##### a) Mga restriksiyon sa pagsisante

Hindi maaaring sisanterhin o tanggalin ng pinaglilingkuran o employer ang empleyado habang siya ay nagpapagaling sa kanyang karamdaman na dulot ng aksidente sanhi ng anumang bagay na may kaugnayan sa pagtatrabaho sa loob ng 30 araw. Subalit, kung babayaran ng employer ang empleyado ng naaayon sa batas, maaaring balewalain ang restriksiyon na ito.

##### b) Paunang notisya o pasabi bago ang pagsisante.

Kung nais isisante ng pinaglilingkuran ang isang empleyado, kinakailangang ipaalam muna ito nang 30 na araw bago gawin ang pagsisante.

##### c) Karagdagang bayad sa holiday o sa araw na walang pasok

May karagdagang bayad sa pagtatrabaho sa holiday kung hindi dapat magpatrabaho sa nabanggit na araw. Sa ganitong situwasyon, mahigit sa 60% ng pangkaraniwang suweldo sa araw na iyon ang dapat na matanggap ng empleyado.

##### d) Oras ng pagtatrabaho

Karaniwan, ang oras ng pagtatrabaho ay hindi dapat hihigit ng 8 oras sa isang araw, maliban sa oras ng pahinga, at para naman sa isang linggo ay hindi dapat hihigit sa 40 na oras. Kapag sumobra sa oras ang pagtatrabaho, babayaran ang suweldo na may dagdag o overtime.

#### (2) Batas sa Pagpapasuweldo (Minimum Wage Law)

Ang pinakamababang suweldo o minimum wage ay naaayon sa klase ng kompanya, uri ng trabaho, at lugar.

### **3. Opisina ng Labor Standard Inspection**

Nangangasiwa ang opisina ng Labor Standard Inspection sa pangangasiwa kung natutupad ang Labor Standards Law. Kung magkaproblema sa mga bagay ukol sa kondisyon sa pagtatrabaho o aksidente kaugnay sa pagtatrabaho, kumonsulta sa opisina ng Labor Standard Inspection sa lugar na kinaroroonan ng inyong pinapasukan.

May serbisyong konsultasyon sa Ingles depende sa opisina sa Osaka Prefecture. (Apendise IX-4)

### **4. Aksidente sa Trabaho**

Kapag napatunayan ng Labor Standard Inspection na ang isang empleyado ay nagkasakit o nasaktan habang nagtatrabaho, o dahil sa trabaho, ang bayad sa pagpapagamot, bayad sa araw na hindi nakapagtrabaho, pensiyon sa pagkakadisgrasya at iba pang gastusin ay maaaring kunin sa insyurans ng employer o kumpanya nito. Para sa detalye, magtanong sa opisina ng Labor Standard Inspection na malapit sa iyong pinapasukan.

### **5. Tanggapan Para sa Konsultasyon**

May serbisyo ng konsultasyon para sa mga manggagawa ukol sa problema sa kondisyon ng trabaho at iba pa. Mayroon nito sa *wikang Ingles*, *wikang Instik*, *wikang Portugese* at *wikang Biyetnames*. Osaka Labor Office Foreign Worker Consultation Corner (Tungkol sa Pagkonsulta o Pagsangguni, Apendise IX-2)

Magagamit mo ang mga wikang *Ingles*, *Chinese*, *Portuges*, *Espanyol*, *Tagalog*, *Biyetnames*, *Birmano*, *Nepali*, Koreyano, Thai, Indonesiya, Kambodiya at Monggol sa "Telephone Consultation Service for Foreign Workers". (Apendise IX-2)

### **6. Insyurans Kapag Nawalan ng Trabaho**

Kung ikaw ay isang manggagawa nakaseguro sa employment insurans Kapag nawalan ang isang manggagawa ng trabaho ay makakatanggap siya ng benipisyo upang hindi mahirapan sa pamumuhay habang naghahanap ng bagong trabaho. Dalhin ang mga kailangang dokumento sa Hello Work sa inyong lugar. May alituntunin na bawat kumpanya na may mga manggagawa ay obligadong maging kasapi ng Insyurans sa Kawalan ng Trabaho.

[Return to Top](#)

## VIII - 3 Buwis o Tax

Obligasyon ng bawat taong nakatira sa bansang Hapon na kumikita ng higit sa itinakdang pamantayan ng pamahalaan ang magbayad ng buwis o tax ano man ang iyong nasyonalidad.

### 1. Paraan ng Pagbabayad ng Buwis

#### (1) Kung nagtatrabaho sa kompanya (income tax/ prefectural tax/municipal tax)

Hindi na kailangang magpunta pa sa opisina nangangasiwa sa buwis o tax (*zeimusyo*) para magbayad kung nagtatrabaho sa kompanya; kusang kinakaltas mula sa suweldo ang income tax, prefectural tax, municipal tax atbp., lalo na kung wala kang iba pang pinagkikitaan bukod sa iyong suweldo.

#### (2) Kung hindi nagtatrabaho sa isang kompanya; nagtatrabaho sa kompanya na hindi nagbabayad ng buwis; hindi kinakaltas ang buwis mula sa suweldo.

Mag file ng Income Tax Return (ITR) taon-taon sa opisina nangangasiwa ng buwis o tax at magbayad ng income tax, prefectural tax at municipal tax. Bukod dito kapag may sariling negosyo, maaaring kakailanganin magbayad ng business tax.

### 2. Mga Uri ng Buwis

#### (1) Income Tax

Mag file ng final ITR (income tax return) sa opisina nangangasiwa sa buwis o tax kung hindi ito kinakaltas mula sa suweldo (1-2). Ibinabase ito sa iyong kinita sa loob ng isang taon, binibilang ang halagang nararapat na bayaran ng buwis, kung kaya'y dapat itong ideklara. Ang panahon ng pag-asikaso ng final ITR ay mula ika-16 ng Pebrero hanggang ika-15 ng Marso, at maaari ito sa opisina nangangasiwa sa buwis o tax sa inyong lugar. Mayroong inihandang mga papeles para dito ang opisina ng nangangasiwa sa buwis o tax.

Kapag umutang sa bangko upang bumili ng bahay, nabiktima sa anumang kapahamakan, o nagpagamot dahil sa matinding sakit na gumastos ng malaki atbp. para sa malaking halagang dapat bayaran atbp. ay maaaring magkaroon ng bawas sa bayad sa buwis sa inyong kinita sa loob ng isang taon (tax deductions) kung ideklara ang mga ito, Kumonsulta sa opisina nangangasiwa sa buwis o tax.

Maaaring may katangi-tanging tuntunin ukol sa income tax ayon sa pagkakaroon ng kasunduan ng dalawang bansa, para sa kaukulang detalye magtanong sa kunsultasyon sa telepono, tawagan ang telepono ng tanggapan ng nangangasiwa ng buwis sa inyong lugar (zeimusyo) at pindutin ang numero isa 1 o sa inyong Konsulado. (Apendise IX -5)

\*Mga Pagpapaliwanag o impormasyon ukol sa income tax sa Internet na maaari sa Ingles:

URL <https://www.nta.go.jp/english/taxes/individual/gaikoku301.htm>

#### (2) Prefectural at Municipal Tax

Ang mga nakatira sa Osaka Prefecture na mayroong tinatanggap na suweldo na mas mataas sa itinakdang batayan ng pamahalaan ano man ang iyong nasyonalidad ay dapat magbayad ng prefectural tax at municipal tax. Kukuwentahin ang mga ito ayon sa neto ng iyong kita o matapos mabawas ang mga kaltasin at babayaran mula sa buong kita sa nakaraang taon. Kung i-file ang final ITR sa opisina nangangasiwa sa buwis, hindi na kailangan ang pagdedeklara ng prefectural tax at municipal tax. Taon-taon tuwing ika-1 ng Enero, naniningil ng buwis ang inyong prefectura o munisipyong tinitirahan. Kinakaltas ang mga ito mula sa suweldo kung trabahador sa kompanya. Para sa mga hindi binabawasan ng kanilang kumpanya, ipadadala ng inyong munisipyo ang kuwenta o bill ng inyong buwis mangyari lamang na bayaran ito sa bangko atbp.

Ang tax rate para sa Osaka prefecture ay 4%, at idinagdag dito ang 1,800 yen. (Sa karagdagan, mula sa fiscal year 2016 hanggang 2023, may dagdag na 300 yen taon-taon sa individual prefectural tax sa kada capita basis para sa kailangang resources para mapangalagaan ang mga kagubatan.) Ang buwis para sa munisipyo ay 6% at idinadagdag dito ang 3,500 yen. (Ang Prefectural tax ng itinalagang lunsod ay 2%, ang municipal tax ay 8%)

Guide to Osaka Prefectural Taxes

URL <https://www.pref.osaka.lg.jp/zei/alacarte/prefectural-taxes-e.html>

#### (3) Fixed Property Tax (Amilyar)

Kung ikaw ay nagmamay-ari ng mga ari-ariang hindi natitinig (tulad ng lupa, bahay, atbp. depreciable assets),

